

Nokia 7100 Supernova Patnubay sa Gumagamit

PAHAYAG NG PAGSUNOD

CE 0434

Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng NOKIA CORPORATION na ang produktong RM-438 na ito ay sumusunod sa mga mahahalagang itinatakda at mga nauugnay na tuntunin ng Directive 1999/5/EC.

Ang kopya ng Pahayag ng Pagsunod ay matatagpuan sa http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/.

© 2008 Nokia. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang Nokia, Nokia Connecting People, at Navi ay mga tatak-pangkalakal o mga rehistradong tatak-pangkalakal ng Nokia Corporation. Ang Nokia tune ay tatak na tunog ng Nokia Corporation. Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanya na nabanggit dito ay maaaring mga tatak-pangkalakal ng kani-kanilang may-ari.

Ang pagkokopya, paglilipat, pamamahagi, o pag-iimbak ng bahagi o lahat ng nilalaman ng dokumentong ito sa anumang anyo nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Nokia ay ipinagbabawal.

US Patent No 5818437 at iba pang mga nakabimbing patente. T9 text input software Karapatang-maglathala © 1997-2008. Tegic Communications, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.



Kasama ang RSA BSAFE cryptographic o security protocol software mula sa RSA Security.



POWERED Ang Java ay isang tatak-pangkalakal ng Sun Microsystems, Inc.

This product is licensed under the MPEG-4 Visual Patent Portfolio License (i) for personal and noncommercial use in connection with information which has been encoded in compliance with the MPEG-4 Visual Standard by a consumer engaged in a personal and noncommercial activity and (ii) for use in connection with MPEG-4 video provided by a licensed video provider. No license is granted or shall be implied for any other use. Additional information, including that related to promotional, internal, and commercial uses, may be obtained from MPEG LA, LLC. See <http://www.mpegla.com>.

Ang produktong ito ay lisensiyado sa ilalim ng MPEG-4 Visual Patent Portfolio License (i) para sa personal at di-pangkomersiyong paggamit na may kaugnayan sa impormasyon na inilagay sa code na sumusunod sa MPEG-4 Visual Standard ng isang mamimili na abala sa isang personal at di-pangkomersiyong aktibidad at (ii) para sa paggamit na may kaugnayan sa MPEG-4 video na ipinagkaloob ng isang lisensiyadong video provider. Walang lisensiya ang iginagawad o ipapahiwatig para sa anumang ibang paggamit. Ang karagdagang impormasyon kabilang ang may kinalaman sa pagtataguyod, panloob at pangkomersiyong paggamit ay maaaring makuha mula sa MPEG LA, LLC. Tingnan ang <http://www.mpegla.com>.

Patakarang ng Nokia ang patuloy na pagpapaunlad. Nirereserba ng Nokia ang karapatang gumawa ng mga pagbabago at pagpapahusay sa alinmang produktong inilarawan sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.

HANGGANG SA SUKDULANG SAKLAW NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, SA ILALIM NG ANUMANG SITWASYON AY HINDI MAAARING MAGKARON NG SAGUTIN ANG NOKIA O ANG SINUMAN SA MGA TAGAPAGLISENSYA NITO PARA SA ANUMANG PAGKAWALA NG DATA O NG KITA O NG ANUMANG MGA PINSALANG ESPESYAL, NAGKATAON, KINAHINATNAN O DI-DIREKTA KAHIT PAANO MAN ITO NAIDULOT.

ANG MGA NILALAMAN NG DOKUMENTONG ITO AY IPINAGKAKALOOB NANG "AS IS". MALIBAN KUNG KINAKAILANGAN NG NAAANGKOP NA BATAS, WALANG ANUMANG GARANTIYA, TAHASAN MANG ISINAAD O IPINAHAYAG, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, MGA IPINAHAYAG NA GARANTIYA NG KAKAYAHANG MAIBENTA AT KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, ANG ISINASAGAWA PATUNGKOL SA KAWASTUHAN, PAGIGING MAASAHAN, O MGA NILALAMAN NG DOKUMENTONG ITO. NIRERESERBA NG NOKIA ANG KARAPATANG BAGUHIN ANG DOKUMENTONG ITO O BAWIIN ITO ANUMANG ORAS NANG WALANG PAUNANG ABISO.

PATUNGKOL SA KAWASTUHAN, PAGIGING MAASAHAN, O MGA NILALAMAN NG DOKUMENTONG ITO. NIRERESERBA NG NOKIA ANG KARAPATANG BAGUHING ANG DOKUMENTONG ITO O BAWIIN ITO ANUMANG ORAS NANG WALANG PAUNANG ABISO.

Ang pagkakaroon ng mga partikular na produkto at aplikasyon at ang mga serbisyo para sa mga produkto ito ay maaaring magkaiba ayon sa rehiyon. Mangyaring alamin sa iyong Nokia dealer para sa mga detalye, at pagkakaroon ng mga pagpipilian sa wika.

Mga Pagkontrol sa Pag-export

Ang aparatong ito ay maaaring magtaglay ng mga kalakal, teknolohiya o software na sasailalim sa mga batas ng pagluwas at mga regulasyon mula sa Estados Unidos at ibang mga bansa. Ang paglihis na kontra sa batas ay ipinagbabawal.

Ang ikatlong panig na mga application na kasama sa iyong aparato ay maaaring nilikha at maaaring pagmamay-ari ng mga tao o panig na hindi kabakas o walang kaugnayan sa Nokia. Hindi pagmamay-ari ng Nokia ang mga karapatang-maglathala o mga karapatan sa pagmamay-ari ng paglikha sa mga application ng ikatlong panig. Buhat dito, hindi nag-aangkin ng anumang responsibilidad ang Nokia para sa suporta sa huling gagamit, paggana ng mga application, o impormasyon sa mga application o sa mga materyal na ito. Ang Nokia ay hindi nagkakaloob ng anumang garantya para sa mga application ng ikatlong panig. SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG MGA APPLICATION, IYONG KINIKILALA NA ANG MGA APPLICATION AY IPINAGKALOOB NANG WALANG GARANTYA SA ANUMANG URI, IPINAHAYAG O IPINAHIHAWATIG, SA SUKDULANG SAKLAW NA PINAHIHINTULUTAN NG PINAPATUPAD NA BATAS. ANG IYONG KARAGDAGANG KAALAMAN NG NOKIA O ANG MGA KANIB NITO AY HINDI GUMAGAWA NG MGA PANGANGATAWAN O GARANTYA, IPINAPAHAYAG MAN O IPINAHIHAWATIG, KASAMA NA NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA GARANTYA NG PAGMAMAY-ARI, PAGKAKABILI O KAANGKOPAN SA ISANG TIYAK NA LAYUNIN, O ANG MGA APPLICATION AY HINDI LALABAG SA ANUMANG PATENT, KARAPATANG-MAGLATHALA, TATAK-KALAKAL, O IBA PANG MGA KARAPATANG NG IKATLONG-PANIG.

Mga Nilalaman

Kaligtasan.....8

1. Pangkalahatang

Impormasyon.....10

Tungkol sa iyong aparato
.....10

Mga serbisyong pang-
network.....11

Pinaghahatiang
memorya.....12

Mga access code.....13

Sumusuporta ang Nokia
.....14

2. Magsimula.....16

I-install ang SIM card at
baterya.....16

Alisin ang SIM card.....16

I-charge ang baterya
.....17

Antenna.....17

Headset.....18

Mga magnet at magnetic
field.....19

Mga key at piyesa.....19

Buksan at isara ang
telepono.....20

Standby mode21

Lock ng keypad.....21

Mga pagpapaandar nang
walang SIM card.....22

Tumatakbo ang mga
application sa

background.....23

3. Tawag.....24

Gumawa at sumagot ng
isang tawag.....24

Loudspeaker.....24

Pagdayal ng mga
shortcut.....24

4. Magsulat ng teksto

.....26

Mga mode ng text.....26

Nakasanayang
pagpapasok ng teksto
.....27

Mapanghulang pagpasok ng teksto	27
---	----

5. Pumunta sa mga menu.....	29
--	-----------

6. Pagmemensahe	30
----------------------------------	-----------

Mga text message at MMS	30
----------------------------------	----

Mga text message	30
---------------------------	----

Mga mensaheng multimedia.....	31
----------------------------------	----

Lumikha ng isang text message o MMS.....	32
---	----

E-mail.....	33
-------------	----

E-mail setup wizard	33
------------------------------	----

Isulat at ipadala ang e- mail.....	33
---------------------------------------	----

Mag-download ng e- mail.....	34
---------------------------------	----

Mga mensaheng flash	34
------------------------------	----

Pagmemensahe ng audio sa Nokia Xpress	35
---	----

Instant na mensahe	35
-----------------------------	----

Mga boses na mensahe	36
-------------------------------	----

Mga setting ng mensahe	36
---------------------------------	----

7. Contacts.....	38
-------------------------	-----------

8. Tala ng tawag	40
-------------------------------	-----------

9. Mga setting.....	41
----------------------------	-----------

Mga profile.....	41
------------------	----

Mga tono.....	41
---------------	----

Display.....	42
--------------	----

Petsa at oras.....	42
--------------------	----

Mga Shortcut.....	42
-------------------	----

Pagtutumbas at pag- backup.....	43
------------------------------------	----

Kakayahang ikunekta	43
------------------------------	----

Teknolohiyang wireless na Bluetooth	43
---	----

Packet data.....	46
------------------	----

Mga tawag at telepono	46
Mga Enhancement.....	47
Configuration o pagtatakda.....	47
Ibalik ang mga setting ng factory.....	49
10. Operator menu	50
11. Gallery.....	51
12. Media.....	52
Camera at video.....	52
FM radio.....	53
Tagarekord ng boses	54
Music player.....	54
13. Mga application	56
14. Taga-ayos.....	57
Alarmang orasan.....	57
Kalendaryo at listahan ng dapat gawin.....	57

15. Web	59
Kumonekta sa serbisyo sa web.....	59

16. Mga serbisyong SIM	61
-------------------------------------	-----------

Mga Enhancement	62
------------------------------	-----------

Bateria.....	66
Impormasyon ng baterya at charger.....	66
Mga patnubay sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia.....	69
Patunayan ang hologram.....	70
Paano kung ang iyong baterya ay hindi isang tunay na baterya?	70

Pag-aalaga at pagpapanatili.....	72
---	-----------

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan.....	75
Mga maliliit na bata	75
Kapaligiran sa pagpapatakbo.....	75
Mga aparatong medikal	76
Mga naitanim na aparatong pang-medikal.....	76
Mga hearing aid.....	77
Mga sasakyan.....	78
Mga kapaligirang maaaring sumabog	79
Mga tawag na pang-emergency.....	80
IMPORMASYON SA SERTIPIKASYON (SAR)	82
LIMITADONG WARRANTY NG GUMAWA.....	83
Tagal ng Panahon ng Warranty.....	84

Paano makakuha ng serbisyo na saklaw ng warranty.....	85
Ano ang hindi saklaw?	86
Iba pang mahahalagang paunawa.....	89
Paglilimita ng Sagutin ng Nokia.....	91
Mga obligasyon ayon sa pagtatakda (statutory obligations)	92
Indise.....	94

Kaligtasan

Basahin itong mga simpleng alituntunin. Ang hindi pagsunod sa mga ito ay maaaring mapanganib o labag sa batas. Basahin ang kumpletong patnubay sa gumagamit para sa ibayong impormasyon.



BUKSAN NANG LIGTAS

Huwag bubuksan ang aparato kapag ang paggamit ng wireless na telepono ay ipinagbabawal o kapag maaaring maging sanhi ng interference (pagkagambala) o panganib.



NAUUNA ANG KALIGTASAN SA DAAN

Sundin ang lahat ng lokal na batas. Laging tiyakin na malayang magpatakbo ng sasakyan ang iyong mga kamay habang nagmamaneho. Ang unang dapat mong isaaalang-alang habang nagmamaneho ay ang kaligtasan sa daan.



INTERFERENCE (PAGKAKAGAMBALA)

Lahat ng mga aparatong wireless ay maaaring makaranas ng pagkagambala, na makakaapekto sa pagganap.



PATAYIN SA MGA IPINAGBABAWAL NA LUGAR

Sundin ang anumang mga ipinagbabawal. Patayin ang aparato sa loob ng sasakyang panghimpapawid, malapit sa kagamitang

medikal, panggatong, mga kemikal, o mga lugar na pinasasabog.



KWALIPIKADONG PAGKUMPUNI

Tanging ang mga kuwalipikadong tauhan ang maaaring mag-instala o magkumpuni ng produktong ito.



MGA ENHANCEMENT AT BATERYA

Gamitin lamang ang mga inaprobahang enhancement at baterya. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi kabagay.



PANLABAN SA TUBIG

Ang iyong aparato ay walang panlaban sa tubig. Panatilihin itong tuyo.

1. Pangkalahatang Impormasyon

Tungkol sa iyong aparato

Ang inilarawang wireless na aparato sa gabay na ito ay inaprubahan para sa paggamit sa Mga network na EGSM 900 at 1800 MHz . Kontakin ang iyong service provider para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga network.

Kapag ginagamit ang mga tampok ng aparatong ito, sundin ang lahat ng mga batas at igalang ang mga lokal na kaugalian, pagkapribado at mga lehitimong karapatan ng iba, kabilang ang mga karapatang-ari.

Ang proteksyon sa karapatang-ari ay maaaring maiiwas ang ilang mga imahe, musika, at ibang nilalaman na makopya, mabago, o mailipat.

Ang iyong aparato ay maaaring mayroon nang mga paunang na-install na pantanda at link para sa mga Internet site ng ikatlong partido. Maaari mo ding mapuntahan ang mga website ng ikatlong partido sa pamamagitan ng iyong aparato. Ang mga website ng ikatlong partido ay walang kaugnayan sa Nokia, at hindi iniendorso ng Nokia ang mga ito o umaako ng pananagutan para sa mga ito. Kung pipiliin mong ma-access ang gayong mga site, kailangan mong mag-ingat para sa seguridad o nilalaman.



Babala: Upang magamit ang anumang tampok sa aparatong ito, bukod sa alarm clock, dapat na ibukas ang aparato. Huwag paaandarin ang aparato kapag ang aparatong wireless ay maaaring maging sanhi ng pagkagambala o panganib.

Tandaang gumawa ng mga kopyang back-up o magtago ng nakasulat na rekord ng lahat ng mahalagang impormasyong nakaimbak sa iyong aparato.

Kapag ikinukunekta sa ibang kagamitan, basahin ang patnubay sa gumagamit para sa mga detalyadong tagubiling pangkaligtasan. Huwag ikunekta ang mga produktong hindi kabagay.

Mga serbisyong pang-network

Upang gamitin ang telepono kailangan mo ng serbisyo mula sa isang wireless na service provider. Maraming mga tampok ay kailangan ng espesyal na mga tampok sa network. Ang mga tampok na ito ay hindi magagamit sa lahat ng mga network; ang ibang mga network ay maaaring kailanganing gumawa ng mismong mga pagsasaayos sa iyong service provider bago mo magamit ang serbisyo sa network. Ang iyong service provider ay maaaring magbigay ng mga tagubilin sa iyo at ipaliwanag kung ano ang mga pagbabago na mailalapat. Ang ilang mga network ay maaaring may mga limitasyon na apektado kung paano mo magagamit ang mga serbisyo sa

network. Para sa halimbawa, ang ilang mga network ay maaari hindi suportahan ang lahat ng dumidepende-wika na mga character at mga serbisyo.

Ang iyong service provider ay maaaring humiling ng mga nilalaman na tampok na hindi paganahin o hindi iaktibo sa iyong aparato. kung, ang mga tampok na ito ay hindi lilitaw sa iyong aparatong menu. Ang iyong aparato ay maaari rin maging isang espesyal sa pagsasaayos tulad ng mga pagbabago sa mga pangalan menu, menu order, at mga icon. Makipag-ugnay sa iyong service provider para sa karagdagang impormasyon.

Ang aparatong ito ay sumusuporta sa WAP 2.0 protocols (HTTP at SSL) na pinapatakbo sa TCP/IP protocols. Ang ilang mga tampok ng aparatong ito, tulad ng multimedia messaging (MMS), pagba-browse, at application ng e-mail, ay nangangailangan ng suporta ng network para sa mga teknolohiyang ito.

Pinaghahatiang memorya

Ang mga sumusunod na tampok sa teleponong ito ay maaaring magbahagi ng memorya: multimedia messaging (MMS), application ng e-mail, instant messaging. Ang paggamit ng isa o higit sa mga katangiang ito ay maaaring magbawas ng memorya para sa natitirang mga tampok na nakikihati sa memorya. Ang iyong kagamitan ay maaaring magpakita ng mensahe na ang memorya ay puno na kapag tinangka mong gamitin ang

katangian na nakikihati sa memorya. Kapag ganito ang nangyari, tanggalin muna ang ilan sa impormasyon o mga ipinasok na nagre-reserba ng pinaghahatiang memorya bago magpatuloy.

Mga access code

Tumutulong protektahan ng code ng seguridad ang iyong telepono laban sa hindi awtorisadong paggamit. Maaari kang gumawa at baguhin ang code, at itakda ang telepono na hilingin ang code. Panatilihin sekreto ang code at nasa ligtas na lugar na hiwalay sa iyong telepono. Kung makalimutan mo ang code at naka-lock ang iyong telepono, kakailanganin ng iyong telepono ng serbisyo at maaaring lumapat ang karagdagang singil. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa isang lugar ng Nokia Care o sa iyong dealer ng telepono.

Pinoprotektahan ng PIN code na kasama sa SIM card ang card laban sa hindi awtorisadong paggamit. Kinakailangan ang PIN code na kasama sa ilang mga SIM card na ma-access ang ilang mga serbisyo. Kung ipapasok mo ang PIN o PIN2 code nang hindi tama nang tatlong beses na sunud-sunod, ikaw ay hihilingan para sa PUK o PUK2 code. Kung wala sa iyo ang mga ito, makipag-ugnayan sa iyong service provider.

Ang module PIN ay kinakailangan upang ma-access ang impormasyon na nasa module ng seguridad ng iyong SIM card. Ang PIN sa paglagda ay maaaring kailanganin para

sa digital na lagda. Ang password sa paghahadlang ay kailangan kapag ginagamit ang serbisyong paghahadlang sa tawag.

Upang itakda kung paano ginagamit ng iyong telepono ang mga access code at mga setting ng seguridad, piliin ang **Menu > Mga setting > Seguridad**.

Sumusuporta ang Nokia

Tingnan ang www.nokia-asia.com/support o ang iyong lokal na website ng Nokia para sa pinakahuling bersyon ng gabay na ito, Impormasyon, mga download, at mga serbisyong kaugnay sa iyong produktong Nokia.

Serbisyo ng mga setting ng kumpigurasyon

Mag-download ng libreng mga setting ng kumpigurasyon tulad ng MMS, GPRS, e-mail, at iba pang mga serbisyo para sa modelo ng iyong telepono sa www.nokia-asia.com/setup.

Nokia PC Suite

Maaari mong mahanap ang PC Suite at kaugnay na impormasyon sa website ng Nokia sa www.nokia-asia.com/pcsuite.

Mga serbisyo ng Nokia Care

Kung kailangan mong makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng Nokia Care, tingnan ang listahan ng lokal na mga contact center ng Nokia Care sa www.nokia-asia.com/contactus.



Pagpapanatili

Para sa mga serbisyo ng pagpapanatili, alamin sa iyong pinakamalapit na lugar ng Nokia Care sa www.nokia-asia.com/repair.

2. Magsimula

I-install ang SIM card at baterya

Palaging isarado ang aparato at idiskonekta ang charger bago tanggalin ang baterya.

Ang SIM card at mga pangkontak nito ay maaaring madaling mapinsala sa pamamagitan ng mga gasgas o pagbaluktot, kaya maging maingat kapag hinahawakan, ipinapasok, o inaalis ang card.



1. I-slide ang pindutan na pangkawala (1), at alisin ang likod na takip (2).
2. Alisin ang baterya (3), at ipasok ang SIM card (4).
3. Ipasok ang baterya (5), at ibalik ang takip sa likod (6).

Alisin ang SIM card



Hilahin ang hawakan papunta sa ilalim ng telepono, at alisin ang SIM card.

I-charge ang baterya

May pauna nang charge ang iyong baterya, ngunit maaaring mag-iba ang antas ng pagkaka-charge.

1. Ikunekta ang charger sa saksakan sa pader.
2. Ikunekta ang charger sa aparato.
Maaari mong gamitin ang iyong aparato habang nagtsa-charge ito.
3. Kapag ganap nang nai-charge ang baterya, tanggalin ang pagkakakabit ng charger sa aparato, pagkatapos ay sa saksakan sa pader.



Kung ang baterya ay ganap na nadiskarga, maaaring tumagal ng ilan-ilang minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makatawag.

Antenna

Ang iyong aparato ay maaaring mayroong panloob at panlabas na mga antena. Tulad ng ibang mga radio transmitting device, iwasan ang paghipo sa antena nang hindi kinakailangan kapag ginagamit ang antenna sa pagta-transmit o pagtatanggap. Ang paghawak sa



naturang na antena ay nakakaapekto sa kalidad ng komunikasyon at maaaring maging sanhi na ang aparato ay gumana sa mas mataas na antas ng kuryente nang higit sa kinakailangan at maaaring mabawasan ang buhay ng baterya.

Ipinapakita ng numero ang lugar ng antenna na minarkahan sa kulay abo.

Headset



Babala: Makinig sa musika nang may katamtamang antas ng tunog. Ang patuloy na pagkaharap sa mataas na antas ng lakas ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag ilalapit ang aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, sapagkat maaaring lubhang malakas ang volume.



Babala: Kapag ginamit mo ang headset, ang iyong kakayahan na makarinig ng tunog mula sa labas ay maaaring maapektuhan. Huwag gamitin ang headset kung saan maaari nitong mapahamak ang iyong kaligtasan.


Kapag kumokonekta sa anumang nakakabit sa labas na aparato o anumang headset, maliban doon sa mga naaprubahan ng Nokia na gamitin kasama ng aparato na ito, sa Nokia AV Connector, ingatan ang mga antas ng volume.

Huwag mag-konekta ng mga produkto na lilikha ng isang papalabas na senyales dahil maaaring makasira ito sa aparato. Huwag mag-konekta ng anumang mapagmumulan ng boltahe sa Nokia AV Connector.

Mga magnet at magnetic field

Panatiliin na malayo ang iyong aparato mula sa mga magnet o magnetic na field dahil maaaring maging sanhi ito para sa ibang mga application, tulad ng kamera, ng hindi inaasahang pagiging aktibo.

Mga key at piyesa

1	Earpiece	
2	Display	
3	Mga selection key	
4	Navi™ key; magmula noon ay tinukoy bilang scroll key	
5	Call key	
6	End/Power key	
7	Keypad	

8	Pangkonekta ng headset / Nokia AV Connector (2.5 mm)	
9	Kabitan ng charger	
10	Camera key	
11	Pindutang pangpakawala	
12	Suutan ng panali	
13	Mga lens ng kamera	
14	Loudspeaker	
15	Mikropono	



Note: Iwasan ang paghawak sa connector na ito dahil ang nilalayong gamit lamang nito ay para sa mga awtorisadong mga kawani ng serbisyo lamang.




Buksan at isara ang telepono

Upang buksan at patayin ang telepono, pindutin nang matagal ang pindutan sa pagbukas/pagpatay.

Standby mode

Kapag ang telepono ay handa nang gamitin, at wala ka pang naipapasok na karakter, ang telepono ay nasa standby mode.

1	Lakas ng signal ng network	
2	Antas ng karga ng baterya	
3	Pangalan ng network o operator logo	
4	Mga pagpapaandar ng mga pampiling pindutan	

Ang kaliwang pampiling pindutan ay **Punta sa** upang matingnan mo ang mga pagpapaandar sa listahan ng iyong personal na pag-shortcut. Kapag tinitingnan ang listahan, piliin ang **Opsyon > Piliin opsyon** upang matingnan ang magagamit na mga pagpapaandar, o piliin ang **Opsyon > Isaayos** upang maayos ang mga pagpapaandar sa listahan ng iyong pag-shortcut.

Lock ng keypad

Upang maiwasan ang aksidenteng pagpipindot, isara ang telepono, at piliin ang **I-lock** sa loob ng 5 segundo upang i-lock ang keypad.

Upang i-unlock ang keypad, piliin ang **I-unlock** > **OK**, o buksan ang telepono. Kung naka-on ang security keyguard, ipasok ang security code kapag hiniling.

Upang itakda ang keypad na awtomatikong mala-lock matapos ang naitakdang oras kapag nasa standby mode ang telepono **Menu** > **Mga setting** > **Telepono** > **Awtomatik keyguard** > **Bukas**.

Upang masagot ang tawag kapag naka-lock ang keypad, pindutin ang call key. Kapag tinapos o tinanggihan mo ang tawag, ang keypad ay awtomatikong magla-lock.

Kapag ang aparato o keypad ay naka-lock, maaari pa ding magsagawa ng mga tawag sa opisyal na numero ng emergency na nakaprograma sa iyong aparato.

Mga pagpapaandar nang walang SIM card

Ang ilang mga pag-andar ng iyong telepono ay maaaring gamitin nang hindi ipinapasok ang isang SIM card, tulad ng mga pag-andar ng Organiser at mga laro. Ang ilang mga pag-andar ay lumilitaw na pinadilim sa mga menu at hindi maaaring magamit.

Tumatakbo ang mga application sa background

Tataas ang kunsumo sa baterya kapag iniwanang tumatakbo ang application sa background at binabawasan ang buhay ng baterya.

3. Tawag

Gumawa at sumagot ng isang tawag

Upang makagawa ng isang tawag, ipasok ang numero ng telepono, kasama ang country code at area code kung kinakailangan. Pindutin ang pindutan ng tawag upang matawagan ang numero. Mag-scroll pataas upang lakasan o hinaan ang lakas ng tunog ng earpiece o headset habang may tawag sa telepono.

Upang masagot ang isang papasok na tawag, pindutin ang pindutan ng tawag. Upang matanggihan ang tawag nang hindi sumasagot, pindutin ang pangwakas na pindutan.

Loudspeaker

Kung magagamit, maaari mong piliin ang **Loudsp.** o **Normal** upang magamit ang loudspeaker o ang earpiece ng telepono sa pagtawag.



Babala: Huwag ilalapit ang aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, sapagkat maaaring lubhang malakas ang volume.

Pagdayal ng mga shortcut

Upang maitalaga ang isang numero ng telepono sa isa sa mga pindutan ng numero, 2 hanggang 9, piliin ang **Menu > Mga contact > Mga bilis-dayal**, mag-scroll sa

isang ginustong numero, at piliin ang **Italaga**. Ipasok ang ginustong numero ng telepono, o piliin ang **Hanapin** at isang na-save na contact.



Upang maibukas ang pagpapaandar na speed dialling, piliin ang **Menu > Mga setting > Tawag > Bilis-dayal > Bukas**.




Upang makagawa ng isang pagtawag gamit ang speed dialling, sa standby mode, pindutin nang matagalan ang ginustong pindutan ng numero.


4. Magsulat ng teksto

Mga mode ng text

Upang magpasok ng teksto (bilang halimbawa, habang nagsusulat ng mga mensahe) maaari kang gumamit ng nakasanayang pagpapasok ng teksto o ang mapaghulang pagpapasok ng teksto.

Kapag nagsulat ka ng text, pindutin at diinan ang **Opsyon** upang magpalipat-lipat sa nakasanayang pagpasok ng teksto, na ipinapahiwatig ng , at ng mapaghulang pagpasok ng text, na ipinapahiwatig ng . Hindi lahat ng mga wika ay suportado ng mapaghulang pagpapasok ng teksto.

Ang mga laki ng titik ay ipinapahiwatig ng , , at .

Upang palitan ang laki ng character, pindutin ang #. Upang lumipat mula sa mode ng titik patungo sa mode ng numero, na ipinapahiwatig ng , pindutin nang matagal ang #, at piliin ang **Mode ng numero**. Upang lumipat mula sa mode ng numero patungo sa mode ng titik, pindutin nang matagal ang #.

Upang itakda ang wika sa pagsusulat, piliin ang **Opsyon** > **Panulat na wika**.

Nakasanayang pagpapasok ng teksto

Pumindot ng number key, 2-9, nang paulit-ulit hanggang sa lumitaw ang ninanais na character. Ang mga character na magagamit ay depende sa wikang pinili para sa pagsusulat.

Kung ang susunod na titik na gusto mo ay nakalagay sa parehong key bilang ang kasalukuyan, maghintay hanggang sa lumitaw ang cursor, at ipasok ang titik.

Upang magamit ang mga pinakakaraniwang bantas at ang mga espesyal na character, pindutin ang **1** nang paulit-ulit. Upang magamit ang listahan ng mga espesyal na character, pindutin ang *****.

Mapanghulang pagpasok ng teksto

Nakabatay ang mapanghulang pagpasok ng teksto sa isang built-in na diksyonaryo na makapagdadagdag ka rin ng mga bagong salita.

1. Magsimulang sumulat ng salita, gamit ang mga key na **2** hanggang **9**. Pindutin ang bawat key nang isang beses lamang para sa isang titik.
2. Upang kumpirmahin ang isang salita, mag-scroll pakanan o magdagdag ng puwang.
 - Kung ang salita ay hindi tama, pindutin ang ***** nang paulit-ulit, at piliin ang salita mula sa listahan.

- Kung ang ? na character ay ipinakita sa hulihan ng salita, ang salitang binalak mong isulat ay wala sa diksyonaryo. Upang idagdag ang salita sa diksyonaryo, piliin ang **I-spell**. Ipasok ang salita sa pamamagitan ng nakasanayang pagpasok ng teksto, at piliin ang **I-save**.
 - Upang magsulat ng mga tambalang salita, ipasok ang unang bahagi ng salita, at mag-scroll pakanan upang kumpirmahin ito. Isulat ang huling bahagi ng salita at kumpirmahin ang salita.
3. Simulang isulat ang susunod na salita.

5. Pumunta sa mga menu

Ang mga pagpapaandar ng telepono ay pinangkat sa mga menu. Hindi lahat ng mga pagpapaandar ng menu o mga item ng opsyon ay inilarawan dito.

Sa standby mode, piliin ang **Menu** at ang ginustong menu at submenu. Piliin ang **Labas** o **Balik** upang makalabas ng kasalukuyang antas ng menu. Pindutin ang pindutan ng wakas upang makabalik nang direkta sa standby mode. Upang baguhin ang view ng menu, piliin ang **Menu** > **Opsyon** > **Unang menu view**.

6. Pagmemensahe

Maaari kang magbasa, gumawa, magpadala, at mag-save ng teksto, multimedia, audio, at mga flash message, at e-mail. Ang mga serbisyo ng pagmemensahe ay maaari lamang magamit kung sinusupportahan ang mga ito ng iyong network o taga-laan ng serbisyo.

Mga text message at MMS

Maaari kang makabuo ng isang mensahe at opsyonal na inilakip, halimbawa, isang litrato. Awtomatikong binabago ng iyong telepono na isang text message sa isang MMS kapag nailakip ang isang file.

Mga text message

Ang iyong aparato ay sumusuporta sa mga text message nang higit sa limitasyon para sa nag-iisang mensahe. Ang mas mahahabang mensahe ay ipinapadala bilang dalawa o higit pang mga mensahe. Ang iyong service provider ay maaring sumingil nang alinsunod. Ang mga character na may diin o iba pang mga marka, at mga character mula sa ibang mga opsyon ng wika, ay kinakailangan ng mas malaking espasyo, at ang limitasyon sa bilang ng mga character na maaaring ipadala sa nag-iisang mensahe.

Ang isang tagapahiwatig na nasa itaas ng display ay nagpapakita ng kabuuang bilang ng mga character na natitira at ang bilang ng mga mensaheng kinakailangan para sa pagpapadala.

Bago ka makapagpadala ng anumang teksto o Mga SMS na e-mail message, dapat mong i-save ang iyong message centre number. Pumili ng **Menu > Messaging > Setting ng msg. > Tekstong msgs > Mga message center > Idagdag ang center**, magpasok ng isang pangalan, at ang numero mula sa service provider.

Mga mensaheng multimedia

Ang isang multimedia message ay maaaring maglaman ng text, mga larawan, at mga sound clip o mga video clip.

Ang mga aparatong may katugmang tampok lamang ang makakatanggap at makakapag-display ng mga MMS. Ang hitsura ng isang mensahe ay maaaring mag-iba depende sa tumatanggap na aparato.

Ang wireless network ay maaaring maglimita sa sukat ng mga mensaheng MMS. Kung ang nasingit na larawan ay lumampas sa limitasyon na ito maaaring paliitin ito ng aparato upang maipadala sa pamamagitan ng MMS.



Mahalaga: Isagawa ang pag-iingat kapag nagbubukas ng mga mensahe. Ang mga mensahe ay maaaring naglalaman ng mga malisyoso na software o iba pang nakakapinsala sa iyong aparato o PC.

Para sa pagkakaroon at subscription sa multimedia messaging service (MMS), makipag-ugnayan sa iyong service provider. Maaari mo ring i-download ang mga

setting ng kumpigurasyon. [Tingnan ang "Sumusuporta ang Nokia," p. 14.](#)

Lumikha ng isang text message o MMS

1. Piliin ang **Menu > Messaging > Gumawa msg. > Mensahe.**
2. Upang magdagdag ng mga tatanggap, mag-scroll sa patlang na **Kay:** , at ipasok ang numero ng tatanggap o e-mail address, o piliin ang **Idagdag** upang pumili ng mga tatanggap mula sa mga magagamit na opsyon. Piliin ang **Opsyon** upang magdagdag ng mga tatanggap at paksa at upang magtakda ng opsyon sa pagpapadala.
3. Mag-scroll sa patlang na **Teksto:** , at ipasok ang teksto ng mensahe.
4. Upang ilakip ang nilalaman sa mensahe, mag-scroll sa attachment bar sa ilalim ng display at piliin ang nais na uri ng nilalaman.
5. Upang ipadala ang mensahe, pindutin ang **Ipadala.**

Ang uri ng mensahe ay pinahiwatig sa tuktok ng display at awtomatikong nababago na nakasalalay sa nilalaman ng mensahe.

Ang mga service provider ay maaaring maningil ng iba-iba depende sa uri ng mensahe. Suriin sa iyong service provider para sa mga detalye.

E-mail

Pasukin ang iyong POP3 o IMAP4 e-mail account sa iyong telepono upang mabasa, magawa, at maipadala ang e-mail. Ang e-mail application na ito ay iba sa SMS e-mail function.

Bago mo magamit ang e-mail, dapat ay mayroon kang isang e-mail account at tamang mga setting. Upang masuri ang availability at mga setting ng iyong e-mail account, makipag-ugnayan sa iyong taga-laan ng serbisyo ng iyong e-mail. Maaari kang tumanggap ng e-mail configuration settings bilang isang configuration message.

E-mail setup wizard

Awtomatikong magsisimula ang setting wizard kapag walang mga setting ng e-mail ang tinukoy sa telepono. Upang magsimula ang set up ng wizard para sa isang karagdagan na e-mail account, piliin ang **Menu** > **Messaging** at mayroon nang e-mail account. Piliin ang **Opsyon** > **Magdagdag, mailbox** upang magsimula ang e-mail setup wizard. Sundin ang mga tagubilin sa display.

Isulat at ipadala ang e-mail

Upang makagawa ng isang e-mail, piliin ang **Menu** > **Messaging** > **Gumawa msg.** > **E-mail na mensahe.** Upang makapaglakip ng isang file sa e-mail, piliin ang **Opsyon** > **Ipasok.** Upang maipadala ang e-mail, pindutin ang pindutan ng tawag. Piliin ang ginustong account kung kinakailangan.

Mag-download ng e-mail



Mahalaga: Isagawa ang pag-iingat kapag nagbubukas ng mga mensahe. Ang mga mensahe ay maaaring naglalaman ng mga malisyoso na software o iba pang nakakapinsala sa iyong aparato o PC.

Upang mapili ang retrieve mode, piliin ang **Menu > Messaging > Setting ng msg. > Mensaheng e-mail > I-edit mga mailbox** at ang ginustong mailbox, at **Mga sett., pag-downl. > Mode ng pagkuha.**

Upang mai-download ang e-mail, piliin ang **Menu > Messaging** at ang ginustong mailbox; kumpirmahin ang query para sa koneksyon kung kinakailangan.

Mga mensaheng flash

Ang mga mensaheng flash ay mga mensaheng teksto na agarang ipinapakita matapos ang pagkatanggap.

1. Upang sumulat ng isang mensaheng flash, piliin ang **Menu > Messaging > Gumawa msg. > Mensaheng flash.**
2. Ipasok ang numero ng telepono ng tatanggap, isulat ang iyong mensahe (maximum na mga 70 character), at piliin ang **Ipadala.**

Pagmemensahe ng audio sa Nokia Xpress

Gumawa at ipadala ang isang mensaheng audio gamit ang MMS sa isang madaling paraan.

1. Piliin ang **Menu** > **Messaging** > **Gumawa msg.** > **Mensaheng audio.** Bubukas ang tagarekord ng boses.
2. Irekord ang iyong mensahe.
3. Ipasok ang isa o higit pang numero ng telepono sa **Kay:** na bahagi, o piliin ang **Idagdag** upang makuha ang isang numero.
4. Upang ipadala ang mensahe, piliin ang **Ipadala.**

Instant na mensahe

Sa instant messaging (IM, serbisyo ng network) maaari kang magpadala ng maiikling text message sa mga naka-online na user. Dapat kang mag-subscribe sa isang serbisyo at magrehistro sa serbisyo ng IM na gusto mong gamitin. Tignan ang pagkamagamit ng serbisyong ito, pagpepresyo, at mga tagubilin sa iyong service provider. Ang mga menu ay maaaring magkaiba-iba depende sa iyong IM provider.

Upang kumonekta sa serbisyo, piliin ang **Menu** > **Messaging** > **MgaIM** at sundin ang mga tagubilin na nasa display.

Mga boses na mensahe

Ang voice mailbox ay isang serbisyo ng network na kung saan ay maaari mong kailanganin na mag-subscribe. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong service provider.

Upang tawagan ang iyong voice mailbox, pindutin at diinan ang **1**.

Upang i-edit ang numero ng iyong voice mailbox, piliin ang **Menu > Messaging > Mga boses msg. > Num., boses mailbox**.

Mga setting ng mensahe


Piliin ang **Menu > Messaging > Setting ng msg.** upang i-set up ang iyong mga tampok sa pagmemensahe.

- **Pangkalahatang sett.** — upang itakda ang iyong telepono na i-save ang mga ipinadalang mensahe, upang payagan ang pagpapatong sa mas lumang mga mensahe kung puno na ang memorya ng mensahe, at upang mag-set up ng iba pang mga ginustong nauugnay sa mga mensahe.
- **Tekstong msgs** — upang payagan ang mga ulat sa paghahatid, upang i-set up ang mga message center para sa SMS at SMS na e-mail, upang piliin ang uri ng sinusuportahang character, at upang i-set up ang iba pang mga kagustuhan na nauugnay sa mga text message

- **Mga MMS** — upang payagan ang mga ulat sa paghahatid, upang i-set up ang mga hitsura ng mms, upang payagan ang reception ng mms at advert, upang i-set up ang iba pang mga ginustong nauugnay sa mms
- **Mensaheng e-mail** — upang payagan ang e-mail reception, upang itakda ang laki ng imahe sa e-mail, at upang mag-set up ng iba pang mga kagustuhan na nauugnay sa e-mail

7. Contacts

Piliin ang **Menu > Mga contact.**

Pwede kang mag-save ng mga pangalan at numero ng telepono sa memorya ng telepono at sa memorya ng SIM card. Sa memorya ng telepono, maaari mong i-save ang mga contact na mayroong mga numero at mga item na text. Ipinahihiwatig ng  ang mga pangalan at numerong naka-save sa memorya ng SIM card.

Upang magdagdag ng contact, piliin ang **Mga pangalan > Opsyon > Idagdag bago cont..** Upang magdagdag ng mga detalye sa isang contact, tiyakin na ang ginagamit na memorya ay alinman sa **Telepono o Telepono at SIM.** Piliin ang **Mga pangalan,** mag-scroll sa pangalan, at piliin ang **Detalye > Opsyon > Idagdag detalye.**

Upang maghanap sa isang contact, piliin ang **Mga pangalan,** at mag-scroll sa buong listahan ng mga contact, o ipasok ang unang mga titik ng pangalan.

Upang kumopya ng isang kontak sa pagitan ng memorya ng telepono at memorya ng SIM card, piliin ang **Mga pangalan,** mag-scroll sa contact, at piliin ang **Opsyon > Kopyahin contact.** Sa memorya ng SIM card, maaari ka lamang mag-save ng isang numero ng telepono sa bawat pangalan.

Upang piliin ang SIM card o memorya ng telepono para sa iyong mga contact, upang piliin kung paano ipapakita ang mga pangalan at numero sa mga contact, at upang tingnan ang kapasidad ng memorya para sa mga contact, piliin ang **Mga setting**.

Maaari mong ipadala at tanggapin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng isang tao bilang business card mula sa isang kabagay na aparato na sinusupportahan ang pamantayan ng vCard. Upang magpadala ng business card, piliin ang **Mga pangalan**, hanapin ang contact na kung saan ang impormasyon nito ay gusto mong ipadala, at piliin ang **Detalye > Opsyon > Ipadala bus. kard**.

8. Tala ng tawag

Upang matingnan ang impormasyon sa iyong mga tawag, piliin ang **Menu > Log**. Ang mga magagamit na opsyon ay maaaring magsama ng sumusunod:

- **Lahat ng tawag** — upang matingnan ang iyong kasalukuyang hindi nasagot o natanggap na mga tawag at mga naidayal na mga numero nang sunud-sunod
- **Di nasagot twg., Tanggap na twg., o Idinayal na num.** — para sa impormasyong tungkol sa iyong kasalukuyang mga tawag
- **Tatanggap msg.** — upang matingnan ang mga contact kung saan ka madalas na magpadala ng mga mensahe sa kasalukuyan
- **Durasyon, tawag, Counter ng data, o Timer, pack. data** — upang matingnan ang pangkalahatang impormasyon sa iyong mga komunikasyon kamakailan lamang
- **Log ng mensahe, o Log ng sync** — upang matingnan ang numero ng naipadala o natanggap na mga mensahe o mga pagsasabay-sabay



Note: Ang ganap na resibo para sa mga tawag at serbisyo mula sa iyong service provider ay maaaring magiba, ayon sa mga feature ng network, pag-estima ng singil, at iba pa.

9. Mga setting

Mga profile

Ang iyong telepono ay may ibat-ibang mga grupo ng setting na tinawag na mga profile, na maaari mong ipasadya na may mga ringing tone para sa ibat-ibang mga kaganapan at kapaligiran.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga profile**, ang nais na profile, at pumili mula sa mga sumusunod na mga opsyon:

- **Buhayin** — upang buhayin ang piniling profile
- **I-personalise** — upang palitan ang mga setting ng profile.
- **Inorasan** — upang itakda ang profile na maging aktibo sa ilang oras. Kapag naubos na ang oras na itinakda para sa profile, ang dating profile na hindi inorasan ang magiging aktibo.

Mga tono

Maaari mong baguhin ang mga setting ng tono ng piniling aktibong profile.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga tono**. Maaari mong mahanap ang parehong mga setting sa menu ng **Mga profile**.

Kung piliin mo ang pinakamataas na antas ng ringtone, ang ringtone ay aabot sa pinakamataas na antas sa loob lamang ng ilang mga segundo.

Display

Upang tingnan o ayusin ang wallpaper, laki ng font, o iba pang mga tampok na kaugnay sa display ng telepono, piliin ang **Menu > Mga setting > Display**.

Petsa at oras

Piliin ang **Menu > Mga setting > Petsa at oras**.

Upang maitakda ang petsa at oras, piliin ang **Sett. ng petsa at oras**.

Upang maitakda ang mga format para sa petsa at oras, piliin ang **Format, petsa at oras**.

Upang maitakda ang telepono upang ma-update ang oras at petsa nang awtomatiko ayon sa kasalukuyang time zone, piliin ang **Awto-update oras** (network service).

Mga Shortcut

Kalukob ng mga personal na shortcut, maaari kang makakuha ng mabilis na pagpasok sa madalas na ginagamit na mga pagpapaandar ng telepono. Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga shortcut ko**.

Upang mailaan ang pagpapaandar ng isang telepono sa kanan o kaliwang pampiling pindutan, piliin ang **Kanan selection key** o **Kaliwa seleksyon key**.

Upang mapili ang mga pagpapaandar ng shortcut para sa pindutan ng scroll, piliin ang **Nabigasyon key**. Mag-scroll sa ninanasang direksyon, at piliin ang **Palitan** o **Italaga** at isang pagpapaandar mula sa listahan.

Pagtutumbas at pag-backup

Piliin ang **Menu > Mga setting > I-sync at backup** at pumili mula sa mga sumusunod:

- **Switch ng tel.** — Ipagtumbas o kopyahin ang piniling data sa pagitan ng iyong telepono at ng isa pang telepono gamit ang teknolohiyang Bluetooth .
- **Paglipat ng data** — Ipagtumbas o kopyahin ang napiling data sa pagitan ng iyong telepono at ng iba pang aparato, PC, o network server (serbisyong network).

Kakayahang ikunekta

Maraming mga tampok ang iyong telepono na papayagan kang kumonekta sa ibang mga aparato upang makapaghatid at makatanggap ng data.

Teknolohiyang wireless na Bluetooth

Pinapayagan ka ng teknolohiyang Bluetooth na ikunekta ang iyong telepono, gamit ang mga radio wave, sa isang


katugmang aparatong Bluetooth sa loob ng 10 metro (32 piye).

Ang aparatong ito ay alinsunod sa Bluetooth Specification 2.0 + EDR na sumusuporta sa mga sumusunod na mga profile: 2.0 + EDR panglahatang pag-access, network access, pagkontrol, hands-free, headset, object push, paglipat ng file, dial-up networking, SIM access, at serial port . Upang matiyak na magagamit sa isa't-isa ang mga aparatong sumusuporta sa Bluetooth technology, gamitin ang mga pagpapahusay na inaprubahan ng Nokia para sa modelong ito. Tiyakin sa mga tagapaggawa ng iba pang mga aparato upang matukoy ang kanilang katugmaan sa aparatong ito.

Ang mga tampok na gamit ang teknolohiya ng Bluetooth ay nagdadagdag sa paghingi sa lakas ng baterya at nagbabawas sa buhay ng baterya.

Magtatag ng isang koneksyong Bluetooth

Piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakonek > Bluetooth** at sundin ang mga sumusunod na hakbang na ito:

1. Piliin ang **Pangalan ng tel. ko** at ipasok ang isang pangalan para sa iyong telepono.
2. Upang gawing aktibo ang pagkakakonekta sa Bluetooth piliin ang **Bluetooth > Bukas.**  nagpapahiwatig na ang Bluetooth ay aktibo.

3. Upang ikonekta sa iyong telepono gamit ang isang audio enhancement, piliin ang **Ikabit aud. enhance.** at ang aparato na nais mong pagkonektahan.
4. Upang ikonekta ang iyong telepono sa anumang saklaw ng aparatong Bluetooth, piliin ang **Pares na aparato > Mgdgdg bgo apar..**

Mag-scroll sa isang nahanap na aparato, at piliin ang **Idagdag.**

Magpasok ng isang passcode (hanggang 16 character) sa iyong telepono at papayagan ang pagkonekta sa ibang aparato na Bluetooth.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa seguridad, isara ang function na Bluetooth, o i-set ang **Bisibilidad ng tel. ko** sa **Nakatago.** Tanggapin lamang ang pakikipag-usap sa Bluetooth mula sa mga pinagtitiwalaan mo lamang.

Pagkonekta ng PC sa internet

Gumamit ng teknolohiyang Bluetooth upang kumonekta sa iyong katugmang PC sa internet na walang PC Suite software. Dapat maisaaktibo ng iyong telepono ang isang service provider na sumusuporta sa pagpasok sa internet, at ang iyong PC ay sumusuporta sa personal area network (PAN). Matapos ang pagkonekta sa serbisyong network access point (NAP) ng telepono at maipares sa iyong PC, ay awtomatikong binubuksan ng iyong telepono ang isang koneksyon ng packet data sa internet.

Packet data

Ang general packet radio service (GPRS) ay isang network service na pumapayag sa mga mobile phone na magpadala at tumanggap ng data sa isang internet protocol (IP)-based network.

Upang matukoy kung paano ginamit ang serbisyo, piliin ang **Menu > Mga setting > Pagkakakonek > Packet data > Koneks. packet data** at pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian:

- **Kapag kailangan** — upang maitaguyod ang koneksyon ng packet data kapag kinailangan ito ng isang application. Ang koneksyon ay isinasara kapag tapos na ang application.
- **Laging online** — upang awtomatikong makakonekta sa isang packet data network kapag ibinukas mo ang telepono

Magagamit mo ang iyong telepono bilang isang modem sa pamamagitan ng pagkonekta nito sa isang katugmang PC gamit ang teknolohiyang Bluetooth. Para sa mga detalye, tingnan ang papeles ng Nokia PC Suite.

Mga tawag at telepono

Piliin ang **Menu > Mga setting > Tawag**.

Upang mailihis ang iyong mga papasok na tawag, piliin ang **Ilipat ang tawag** (network service). Para sa mga detalye, kontakin ang iyong tagapaglaan ng serbisyo.

Upang makagawa ng sampung mga pagtatangka upang maikonekta ang tawag pagkatapos ng isang hindi matagumpay na pagtatangka, piliin ang **Awto-redayal > Bukas**.

Upang maabisuhan ka ng network ng isang papasok na tawag habang ikaw ay may isang tawag, piliin ang **Hintay tawag > Buhayin** (network service).

Upang maitakda kung ipapakita man ang iyong numero sa taong iyong tinatawagan, piliin ang **Ipadala caller ID ko** (network service).

Upang maitakda ang wikang ipapakita ng iyong telepono, piliin ang **Menu > Mga setting > Telepono > Mga setting ng wika > Wikang panalita**.

Mga Enhancement

Ang menu na ito at ang mga sumusunod na pagpipilian ay ipinapakita lamang kung ang telepono ay nakakabit o ikinabit na sa isang katugmang mobile enhancement.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Mga enhancemnt**. Piliin ang isang enhancement, at isang pagpipilian depende sa enhancement.

Configuration o pagtatakda

Maaari mong isaayos ang iyong telepono sa mga setting na kailangan para sa mga tiyak na serbisyo. Ang iyong

taga-laan ng serbisyo ay maaari ring magpadala sa iyo ng mga setting na ito.

Piliin ang **Menu > Mga setting > Kumpigurasyon** at mula sa mga sumusunod na opsyon:

- **Default sett., kumpig.** — upang matingnan ang mga taga-laan ng serbisyo sa telepono at maitakda ang isang default na taga-laan ng serbisyo
- **Buhyn. dflt sa lht app.** — upang maisaaktibo ang mga setting ng default na pagsasaayos para sa mga suportadong application
- **Piniling access point** — upang matingnan ang nai-save na mga access point
- **Kumonek. sa suporta** — upang mai-download ang mga setting sa pagsasaayos mula sa iyong taga-laan ng serbisyo
- **Sett., mgr. ng aparato** — upang mapayagan o maiiwas ang telepono sa pagtanggap ng mga pag-update ng software. Maaaring hindi magamit ang pagpipiliang ito, depende sa iyong telepono.
- **Sett., personl kumpig.** — upang mano-manong maidagdag ang mga bagong personal na account para sa iba't ibang serbisyo, at upang maisaaktibo o mabura ang mga ito. Upang makapagdagdag ng isang bagong personal account, piliin ang **Idagdag** o **Opsyon > Idagdag bago**. Piliin ang uri ng serbisyo, at ipasok ang kinailangang mga parameter. Upang maisaaktibo ang

isang personal na account, mag-scroll dito, at piliin ang **Opsyon > Buhayin**.

Ibalik ang mga setting ng factory

Upang ibalik ang telepono pabalik sa mga kundisyon noon sa factory, piliin ang **Menu > Mga setting > Balik factory set**. at pumili mula sa mga sumusunod na opsyon:

- **Ibalik lang mga sett.** — upang i-reset lahat ng mga setting sa kagustuhan nang walang tinatanggal na anumang pansariling data
- **Ibalik lahat** — upang i-reset lahat ng mga setting sa kagustuhan at burahin ang lahat ng pansariling data, tulad ng mga contact, mga mensahe at mga media file at mga pindutan ng pagpapabuhay.

10. Operator menu

Pasukin ang portal sa mga serbisyong inilaan ng iyong network operator. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang iyong network provider. Maaaring isapanahon ng operator ang menu na ito sa pamamagitan ng mensahe ng serbisyo.

11. Gallery

Ang Digital rights managements (DRM) ay isang protektadong nilalaman na kasama ng kaugnay na activation key na tumutukoy sa iyong mga karapatan upang gamitin ang nilalaman.

Kung ang iyong aparato ay mayroong OMA DRM na protektadong nilalaman, upang gumawa ng kopya ng parehong mga activation key at ng nilalaman, gamitin ang tampok na paggawa ng kopya ng Nokia PC Suite. Ang ibang paraan ng paglilipat ay maaaring hindi ilipat ang mga activation key na kinakailangan na iimbak muli kasama ng nilalaman upang patuloy mong magamit ang OMA DRM na protektadong nilalaman makalipas na ang memorya ng aparato ay na-format. Maaaring kinakailangan mo ring ibalik ang mga activation key sa pagkakataon na ang mga file sa iyong aparato ay masira (corrupted).

Sinusuportahan ng iyong telepono ang isang sistema ng digital rights management (DRM) upang protektahan ang nakuhang nilalaman. Laging titiyakin ang mga tuntunin sa pagkahatid ng anumang nilalaman at ng activation key bago kunin ng mga ito, sapagkat maaari silang patawan ng isang bayarin.

Upang tingnan ang mga folder, piliin ang **Menu > Gallery**.

12. Media

Camera at video

Ang iyong aparato ay sumusuporta sa isang resolution ng pagkuha ng litrato ng 1280x1024 pixels.

Kumuha ng isang litrato

Upang gamitin ang function na imaheng nakatigil, sa mode na standby, pindutin ang camera key, o kung ang function ng video ay nakabukas, mag-scroll pakaliwa o pakanan. Para kumuha ng imahe, pindutin ang pindutan na kamera.

Upang mai-zoom in o out sa mode ng camera, mag-scroll pataas o pababa.

Upang itakda ang kamera sa mode na gabi, upang itakdang nakabukas ang self-timer, o upang kumuha ng mga imahe nang mabilis na magkakasunod, piliin ang **Opsyon** at ang ninanais na opsyon. Upang itakda ang mode ng pasilip at oras, piliin ang **Opsyon** > **Mga setting** > **Oras ng preview, img.**

Magrekord ng video clip

Upang magamit ang pagpapaandar ng video, pindutin nang matagalan ang pindutan ng camera. Upang masimulan ang pagrerekord ng video, pindutin ang pindutan ng camera.

Upang itakda ang haba ng video clip na maaari mong kunan, piliin ang **Menu > Media > Kamera > Opsyon > Mga setting > Haba ng video clip.**

FM radio

Ang radyong FM ay nakasalalay sa isang antenna bukod sa aparatong wireless na antenna. Isang katugmang headset o enhancement ay kinakailangan na idikit sa aparato para sa wastong pagpapaandar ng FM sa radyo.



Babala: Makinig sa musika nang may katamtamang antas ng tunog. Ang patuloy na pagkaharap sa mataas na antas ng lakas ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag ilalapit ang aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, sapagkat maaaring lubhang malakas ang volume.

Buksan ang **Menu > Media > Radyo** o pindutin nang matagalan ang * sa mode na standby.

Kung may mga naka-save ka nang himpilan ng radyo, mag-scroll pakaliwa o pakanan upang magpalipat-lipat sa pagitan ng mga istasyon, o pindutin ang mga kaukulang pindutan ng numero ng lokasyon sa memorya ng nais na himpilan.

Upang maghanap ng isang karatig na himpilan, pindutin nang matagalan ang scroll key pakaliwa o pakanan.

Upang i-save ang istasyon kung saan ka naroroon, piliin ang **Opsyon > I-save ang istasyon.**

Upang maisaayos ang lakas ng tunog, mag-scroll pakaliwa o pakanan.

Upang iwanang tumutugtog ang radyo sa background, pindutin ang pindutan ng tapusin. Upang patayin ang radyo, pindutin nang matagalan ang pindutan ng tapusin.

Tagarekord ng boses

Ang taga-rekord ay hindi maaaring gamitin kapag aktibo ang isang data na tawag o GPRS na koneksyon.

Upang makapagsimula ng pagrerekord, piliin ang **Menu > Media > Recorder, boses** at ang pindutan ng virtual record sa display.

Upang mapakinggan ang pinakabagong pagrerekord, piliin ang **Opsyon > I-play huling nai-rec.** Upang maipadala ang huling pagrerekord gamit ang isang MMS, piliin ang **Opsyon > Ipadala huli nai-rec.**

Music player

Kasama sa iyong telepono ang music player para sa pakikinig sa mga kanta o ibang MP3 o mga sound file na AAC.



Babala: Makinig sa musika nang may katamtamang antas ng tunog. Ang patuloy na pagkaharap

sa mataas na antas ng lakas ay maaaring makapinsala sa iyong pandinig. Huwag ilalapit ang aparato sa iyong tainga kapag ginagamit ang loudspeaker, sapagkat maaaring lubhang malakas ang volume.

Piliin ang **Menu > Media > Music player.**

Upang simulan o i-pause ang pagpi-play, pindutin ang gitnang selection key.

Upang lumaktaw sa simula ng kasalukyang track, mag-scroll pakaliwa.

Upang lumaktaw sa naunang track, pindutin nang dalawang beses ang scroll key pakaliwa.

Upang lumaktaw sa susunod na track, mag-scroll pakanan.

Upang mag-rewind , pindutin at diinan ang scroll key pakaliwa.

Upang mag-fast-forward, pindutin at diinan ang scroll key pakanan.

Upang iayos ang volume, mag-scroll pataas o pababa.

Upang i-mute o i-unmute ang music player, pindutin ang #.

Upang iwanang napi-play ang music player sa background, pindutin ang end key. Upang itigil ang music player, pindutin at diinan ang end key.

13. Mga application

Kabilang sa software ng iyong telepono ang mga ilang application na Java na sadyang idinisenyo para sa teleponong Nokia na ito.

Piliin ang **Menu > Mga application**.

Upang mailunsad ang isang laro o application, piliin ang **Mga laro o Koleksyon**. Mag-scroll sa isang laro o application, at piliin ang **Buksan**.

Upang matingnan ang dami ng magagamit na memorya para sa pag-install ng laro at application, piliin **Opsyon > Status ng memorya**.

Upang mai-download ang isang laro o application, piliin ang **Opsyon > Mga download > Download ng laro o Download ng aplik.** Sumusuporta ang iyong telepono sa mga J2ME™ Java application. Tiyakin na ang application ay katugma ng iyong telepono bago ito i-download.



Mahalaga: I-install at gamitin lamang ang mga application at iba pang software na mula sa mga pinagkakatiwalaan mapagkukunan, tulad ng mga application na may Pirma ng Symbian o pumasa sa Java Verified™ na pagsubok.

Ang mga na-download na application ay maaaring ma-save sa **Gallery** sa halip na **Mga application**.

14. Taga-ayos

Alarmang orasan

Piliin ang **Menu > Organisiser > Alarm clock.**

Upang maitakda ang pagbukas o pagpatay ng alarm, piliin ang **Alarma:**. Upang maitakda ang oras para sa alarm, piliin ang **Oras ng alarma:**. Upang itakda ang telepono upang alertuhin ka sa mga piniling araw ng linggo, piliin ang **Pag-ulit:**. Upang mapili o maisa-personal ang alarm tone, piliin ang **Tono ng alarma:**. Upang maitakda ang oras para sa snooze alert, piliin ang **Snooze time-out:**.

Upang patayin ang alarma, piliin ang **Itigil**. Kung hahayaan mong magpatuloy sa pagtunog ang alarm ng telepono ng isang minuto o piliin ang **I-snooze**, hihinto ang alarm para sa snooze time-out, pagkatapos ay magpatuloy.

Kalendaryo at listahan ng dapat gawin

Piliin ang **Menu > Organisiser > Kalendaryo**. Ang kasalukuyang araw ay naka-frame. Kung may anumang mga tala na nakatakda para sa araw, ang araw ay naka-bold.

Upang gumawa ng tala ng kalendaryo, mag-scroll sa petsa, at piliin ang **Opsyon > Gumawa ng tala**.

Upang tingnan ang tala sa araw, piliin ang **Tingnan**. Upang tanggalin ang lahat ng mga tala sa kalendaryo, piliin ang **Opsyon > Tanggalin mga tala > Lahat ng mga tala**.

Upang tingnan ang listahan ng gagawin, piliin ang **Menu > Organiser > Lista ng gawain**. Ipinapakita ang listahan ng gagawin at nakaayos ayon sa prayoridad. Upang magdagdag, magtanggal, o magpadala ng tala, upang markahan ang tala na tapos na, o upang pagsunud-sunurin ang listahan ng gagawin ayon sa deadline, piliin ang **Opsyon**.

15. Web

Maaari mong mapuntahan ang iba't-ibang mga serbisyo ng internet sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono. Ang hitsura ng mga web page ay maaaring mag-iba dahil sa laki ng screen. Maaaring hindi mo makita ang lahat ng mga detalye na nasa mga web page.



Mahalaga: Gamitin ang mga kagamitan lamang na pinagkakatiwalaan mo at nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Para sa pagkakaroon ng mga serbisyong ito, pagpepresyo, at mga tagubilin, makipag-ugnayan sa iyong service provider.

Maaaring matanggap mo ang kinakailangang mga setting ng kumpigurasyon bilang isang mensahe ng kumpigurasyon mula sa iyong service provider.

Kumonekta sa serbisyo sa web

Upang gumawa ng koneksyon sa serbisyo, piliin ang **Menu > Web > Home**; o sa mode na standby, pindutin at diinan ang **0**.

Pagkatapos mong makagawa ng isang koneksyon sa serbisyo, maaari ka nang magsimulang mag-browse sa mga pahina nito. Ang pagpapaandar ng mga pindutan ng telepono ay maaaring mag-iba sa magkakaibang serbisyo.

Sundin ang mga tekstong gabay sa display ng telepono.
Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa
iyong service provider.

16. Mga serbisyong SIM

Ang iyong SIM card ay maaaring magkaloob ng mga karagdagang serbisyo. Maaari mong mapuntahan ang menu na ito kung ito ay sinusupportahan lamang ng iyong SIM card. Ang pangalan at mga nilalaman ng menu ay depende sa mga serbisyong nandito.

Mga Enhancement



Babala: Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia para gamitin sa partikular na modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o warranty, at maaaring mapanganib.

Para malaman ang mga inaprobahang pagpapahusay, mangyaring magtanong sa iyong pinagbilhan. Kapag diniskunekta mo ang anumang pagpapahusay, mahigpit na hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.

Mga tunay na enhancement



Babala: Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at pagpapahusay na inaprobahan ng Nokia para gamitin sa partikular na modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o warranty, at maaaring mapanganib.

May isang bagong malawakang hanay ng mga enhancement ang magagamit para sa iyong telepono. Piliin ang mga enhancement na nababagay sa iyong mga partikular na pangangailangang pangkomunikasyon.



Mga pratikal na tuntunin tungkol sa aksesorya at mga enhancement

- Itago ang lahat ng mga aksesorya at enhancement sa maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag tatanggalin mo sa pagkakakabit ang power cord ng anumang aksesorya o enhancement, hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Regular na suriin na matatag na nakakabit at tumatakbo nang wasto ang mga naka-install na enhancement sa isang sasakyan.

- Ang pag-install ng anumang masalimuot na mga enhancement sa kotse ay dapat na gawin ng kuwalipikadong tauhan lamang.

Bateria

Uri	Tagal ng pakikipag-usap	Standby
BL-4S	7.59 oras (900)/ 8.31 oras (1800)	454 oras (900)/ 430 oras (1800)



Mahalaga: Ang mga tagal ng pakikipag-usap at standby ay mga pagtatantya lamang at nakasalalay sa lakas ng signal, mga kalagayan ng network, mga ginamit na tampok, kalumaan at kalagayan ng baterya, mga temperaturang kung saan nakalantad ng baterya, paggamit sa digital mode, at maraming iba pang mga kadahilanan. Ang tagal ng panahon ng paggamit ng aparato para sa mga tawag ay makakaapekto sa tagal ng standby nito. Gayundin, ang tagal ng panahon na nakabukas ang aparato at nasa standby mode ay makakaapekto sa tagal ng panahon ng pakikipag-usap.

Nokia Bluetooth Headset BH-101

Ang Nokia Bluetooth Headset BH-101 ay para sa iyo kung gusto mong manatiling nakakonekta sa pamilya at mga kaibigan at maging malaya sa maramihang-ginagawa

nang sabay-sabay. Ito'y madaling gamitin at kumportableng isyuot, na may hindi magarbo, magaan na disenyo at ergonomikong naiaayos na earloop. Sa episyente nitong pangangasiwa ng kuryente maaari kang maging naka-hands-on at hands-free sa iyong buong araw.

Nokia Speakerphone HF-200

Pahihintulutan ka ng hands-free, plug & play speakerphone na ito sa malayang magsalita – sa loob ng kotse, sa loob ng opisina, o sa bahay. I-clip ito sa sun visor ng iyong kotse o ilagay ito sa ibabaw ng iyong mesa upang magsagawa nang wireless na mga tawag na hands-free gamit ang iyong aparatong mobile na pinagana ang Bluetooth. Gumagamit ng pang-alis ng echo at pambawas ng ingay ang malakas na speaker at sensitibong mikropono upang pahintulutan kang makinig at mapakinggan nang malinaw. Ang intuwitibong interface nito ay madaling-gamitin, na may pinakamainam na mga nakapuwestong key at kompetitibong tagal ng pakikipag-usap.

Nokia Stereo Headset HS-47

Ang Nokia Stereo Headset HS-47 ay nagbibigay nang madaling paggamit at kumbinyenteng solusyong hands-free at pinalawak na pagkanababagay sa kasamang Nokia AV Adapter AD-53. Makinig sa iyong music player o radyong FM sa stereo.

Bateria

Impormasyon ng baterya at charger

Ang iyong aparato ay pinatatakbo ng isang bateryang muling nakakargahan. Ang inilaang baterya para magamit sa aparatong ito ay BL-4S. Ang aparatong ito ay inilaan upang makita kapag natustusan na ng kuryente mula sa mga sumusunod na charger: AC-3. Ang baterya ay maaaring makargahan at madiskarga nang daan-daang mga beses, ngunit ito rin ay masisira paglaon. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit ng mga baterya lamang na inaprubahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya ng mga charger na inaprubahan ng Nokia at itinalaga para sa kagamitang ito. Ang paggamit ng isang hindi naaprubahang baterya o charger ay maaaring maging isang panganib sa sunog, pagsabog, pagsingaw, o iba pang mga panganib.

Ang eksaktong numero ng modelo ng charger ay maaaring mag-iba depende sa uri ng plug. Ang uri ng plug ay kinikilala ng isa sa mga sumusunod: E, EB, X, AR, U, A, C, o UB.

Kung ginagamit ang isang baterya sa unang pagkakataon o kung ang baterya ay hindi nagamit sa isang napakahabang panahon, maaaring kailanganing ikonekta ang charger, pagkatapos ay tanggalin ito sa

pagkakakonekta at muling ikonekta upang masimulan ang pagkakarga ng baterya. Kung ang baterya ay ganap na nawalan ng karga, maaaring tumagal ng ilang mga minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makagawa ng isang tawag.

Laging isara ang aparato, at idiskonekta ang charger bago alisin ang baterya.

Hugutin ang charger mula sa saksakan ukol sa koryente at mula sa aparato kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang isang lubos na nakargahang baterya na nakakabit sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay maaaring magpaikli sa buhay nito. Kung iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Laging sikaping panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang labis na temperatura ay nakakabawas sa kapasidad at buhay ng baterya. Ang isang aparato na may isang mainit o malamig na baterya ay maaaring hindi gumana pansamantala. Ang pagganap ng baterya ay partikular na limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag i-short circuit ang baterya. Ang aksidenteng short circuit kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, klip, o panulat ay naging sanhi ng deretsong kuneksyon ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay anyong mga piraso ng metal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala

ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukunekta.

Huwag itatapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ang mga ito. Maaari ding sumabog ang mga baterya kung napinsala. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel hangga't maari. Huwag itapon bilang basura sa bahay.

Huwag kalasin, gupitin, buksan, durugin, baliin, baguhin ang porma, butasin, o gayatin ang mga cell o baterya. Sa kaganapan ng isang pagsingaw ng baterya, huwag payagang maisanggi sa balat o mga mata ang likido. Sa kaganapan ng naturang pagsingaw, paagusan kaagad ang balat at mga mata ng tubig, o humingi ng tulong pang-medikal.

Huwag baguhin, imanupakturang muli, tangkaing magpasok ng mga ligaw na bagay sa baterya, o ilubog o ilantad sa tubig o iba pang mga likido.

Ang hindi wastong paggamit ng baterya ay maaaring magresulta sa isang sunog, pagsabog, o iba pang panganib. Kapag nahulog ang aparato o baterya, lalo na sa isang matigas na lapag, at naniwala kang ang baterya ay napinsala, dalhin ito sa service center para mainspeksyon bago ito gamiting muli.

Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin. Huwag gagamit ng anumang charger o baterya na may

pinsala. Itago ang iyong baterya sa hindi naaabot ng mga maliliit na bata.

Mga patnubay sa pagpapatunay ng baterya ng Nokia

Laging gamitin ang orihinal na mga bateryang Nokia para sa iyong kaligtasan. Upang tiyakin na orihinal na bateryang Nokia ang makukuha mo, bilhin ito mula sa isang awtorisadong dealer ng Nokia, at siyasatin ang tatak na hologram gamit ang mga sumusunod na hakbang:

Ang matagumpay na pagkumpleto ng mga hakbang ay hindi ganap na kasiguruhan ng pagiging tunay ng baterya. Kung ikaw ay may anumang dahilan para maniwala ka na ang iyong baterya ay hindi tunay, orihinal na baterya ng Nokia, dapat mong tigilan ang paggamit dito. Kung hindi matiyak ang pagiging tunay nito, ibalik ang baterya sa pinagbilhan.

Patunayan ang hologram

1. Kapag tumingin ka sa hologram na nasa tatak, dapat mong makita ang simbolo ng Nokia connecting hands mula sa isang anggulo at ang logo ng Nokia Original Enhancements kapag tumitingin mula sa ibang anggulo.
2. Kapag inanggulo mo ang hologram sa kaliwa, kanan, pababa at paitaas, dapat mong makita ang 1, 2, 3, at 4 na tuldok sa bawat panig ayon sa pagkakasunod-sunod.



Paano kung ang iyong baterya ay hindi isang tunay na baterya?

Kung hindi mo makumpirma na ang iyong bateryang Nokia na may hologram na nasa label ay tunay na bateryang Nokia, mangyaring huwag gamitin ang baterya. Ang paggamit ng baterya na hindi inaprobahan ng gumawa ay maaaring mapanganib at maaaring magresulta sa mahinang pagganap at pinsala sa iyong aparato at sa mga pagpapahusay nito. Maaari din nitong mapawalang-

saysay ang anumang pag-aproba o warranty na nalalapat sa aparato.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa orihinal na mga bateryang Nokia, bisitahin ang www.nokia-asia.com/batterycheck.

Pag-aalaga at pagpapanatili

Ang iyong aparato ay isang produktong may superyor na disenyo at pagkakayari at dapat na alagaan. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makakatulong na protektahan ang iyong warranty coverage.

- Panatilihing tuyo ang aparato. Halumigmig, humidity, at lahat ng uri ng mga likido o pagkabasa ay maaaring naglalaman ng mga mineral na tumutunaw ng mga electronic circuit. Kung mabasa ang iyong aparato, tanggalin ang baterya, at hayaang matuyo ang aparato nang lubos bago palitan ito.
- Huwag gagamitin o iimbak ang aparato sa maalikabok, mga maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag iimbak ang aparato sa maiinit na mga lugar. Ang matataas na temperatura ay makakapagpaikli ng buhay ng mga aparatong elektroniko, nakakasira ng mga baterya, at nakakapilipit o nakakalusaw ng mga plastik.
- Huwag iimbak ang aparato sa malalamig na mga lugar. Kapag ang aparato ay bumalik sa normal na temperatura nito, maaaring mabuo ang halumigmig sa loob ng aparato at masira ang elektronikong circuit boards.
- Huwag tatangkaing buksan ang aparato sa paraang iba sa itinatagubilin sa patnubay na ito.

- Huwag ibabagsak, pupukpukin o kakalugin ang aparato. Ang di-maingat na paghawak ay makakasira ng panloob na circuit boards at pinong mechanics.
- Huwag gagamit ng mababagsik na kemikal, panlinis na solvents, o matatapang na mga detergent upang linisin ang aparato.
- Huwag pipintahan ang aparato. Ang pintura ay makakabara sa mga bahaging gumagalaw at makakapigil sa wastong paggamit.
- Gumamit ng isang malambot, malinis, tuyong tela upang linisin ang anumang mga lente, tulad ng mga lente ng kamera, proximity sensor, at light sensor.
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o isang inaprobahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, modipikasyon, o mga pangkabit ay makakasira sa aparato at maaaring lumalabag sa mga regulasyon na sumasaklaw sa mga aparatong de-radyo.
- Gamitin ang mga charger sa loob ng mga gusali.
- Palaging gumawa ng isang backup ng data na nais mong itago, tulad ng mga contact at tala sa kalendaryo.
- Upang oras-oras i-reset ang aparato para sa pagganap ng optimum, patayin ang aparato at alisin ang baterya.

Ang mga mungkahing ito ay patas na inilalapat sa iyong aparato, baterya, charger o anumang pagpapahusay. Kung

mayroon mang aparato na hindi gumagana ng wasto, dalhin ito sa pinakamalapit na awtorisadong pasilidad ng serbisyo para sa serbisyo.

Karagdagang impormasyong pangkaligtasan

Mga maliliit na bata

Ang iyong aparato at ang mga pagpapahusay nito ay maaaring may maliliit na bahagi. Panatilihin ang mga ito na hindi maaabot ng maliliit na bata.

Kapaligiran sa pagpapatakbo

Ang aparatong ito ay makakasalamuha ang ipinapakitang RF na mga gabay kapag gamit ang alinman sa normal na paggamit ng posisyon laban sa tenga o kapag ang posisyon na hindi lalayo 2.2 centimetres (7/8 inch) malayo mula sa katawan. Kapag ang isang carry case, belt clip, o humahawak sa pagpapatakbo na ginagamit sa pagsuot sa katawan, ito ay dapat hindi naglalaman ng metal at dapat nakaposisyon ang aparato sa nabanggit sa itaas na distansya mula sa iyong katawan.

Upang malipat ang mga data file o mga mensahe, ang kailangan ng aparatong ito ay isang kalidad sa network. Sa ilang mga kaso, ang naglilipat ng mga data file o mga mensahe ay maaaring mahuli ang unit tulad ng isang magagamit na koneksyon. Siguraduhin ang mga tagubilin sa itaas na naghhiwalay ng distansya ay sumusunod hanggang makumpleto ang paglilipat.

Ang mga bahagi ng aparato ay magnetic. Ang mga metal na materyales ay maaaring magustuhan sa aparato. Huwag ilagay ang mga credit card o ibang media sa pag-iimbak sa magnetic sa pinakamalapit na aparato, sapagkat ang pag-iimbak nila ng impormasyon ay maaaring mabura.

Mga aparatong medikal

Ang operasyon sa anumang kagamitan sa pagsasahimpapawid sa radyo, kasama ang mga teleponong wireless, maaaring makagambala sa pagpapaandar ng hindi sapat na proteksyon ng mga aparatong pang-medikal. Kumunsulta sa isang physician o ang tagamanupaktura ng aparatong pang-medikal upang matukoy kung sila ay sapat na naprotektahan laban sa panlabas na enerhiyang RF o kung mayroon ka pang mga anumang katanungan. Isarado ang iyong aparato sa mga pasilidad na health care kapag anumang mga regulasyon ay ipinakit sa mga lugar na itinagubilin na gawin mo ito. Ang mga ospital o mga pasilidad ng health care ay maaaring gumamit ng kagamitan na maaaring maging sensitibo sa panlabas na enerhiya ng RF.

Mga naitanim na aparatong pang-medikal

Ang mga nagmamanupaktura ng mga aparatong pang-medikal ay nagrerekuminda ng isang pinakamababang paghihiwalay na 15.3 centimetres (6 na pulgada) ay dapat mapanatili sa pagitan ng isang aparatong wireless at isang nakalagay na aparatong pang-medikal, tulad ng isang

pacemaker o nakalagay na cardioverter defibrillator, upang maiwasan ang potensyal na pagkagambala sa aparatong pang-medikal. Ang mga tao ay may mga aparato dapat:

- Laging panatilihin ang aparatong wireless higit sa 15.3 centemetres (6 na pulgada) mula sa aparatong pang-medikal kapag ang aparatong wireless ay nabukas.
- Huwag ilalagay ang aparato sa bulsa sa dibdib.
- Hawakan ang aparatong wireless sa kabilang tenga ng aparatong pang-medikal upang bumaba ang potensyal para sa pagkagambala.
- Isarado ang aparatong wireless kaagad kung may anumang kadahilanan upang paghinalaan na ang pagkagambala ay nagaganap.
- Basahin at sundin ang mga direksyon mula sa pagmamamupaktura ng kanilang ibinaon na aparatong pang-medikal.

kung mayroong kang mga katanungan tungkol sa paggamit ng iyong aparatong wireless sa isang ibinaon na aparatong pang-medikal, kumunsulta sa health care provider.

Mga hearing aid

Ang ilang aparatong digital wireless ay maaaring makagambala sa ilang mga hearing aid. Kung maganap ang paggambala, kumunsulta sa iyong service provider.

Mga sasakyan

Ang signal na RF ay maaaring makaapekto sa mga hindi wasto ang pagkakainstala o sa mga may hindi sapat na pananggalang na mga sistemang elektroniko sa mga sasakyang de-motor tulad ng electronic fuel injection systems, electronic anti-skid (anti-lock) braking systems, electronic speed control systems, air bag systems. Para sa karagdagang impormasyon, itanong sa bumuo ng sasakyan o sa kinatawan nito o ng anumang kagamitan na idinagdag.

Ang mga kuwalipikadong tauhan lamang ang dapat magserbisyo sa aparato, o mag-instala ng aparato sa isang sasakyan. Ang maling pag-instala o pagkumpuni ay maaaring mapanganib at maaaring magpawalang-bisa sa anumang garantiya na nauukol sa aparato. Regular na tiyakin na ang lahat ng aparatong wireless sa iyong sasakyan ay maayos na nakakabit at umaandar. Huwag mag-iimbak o magdadala ng mga likidong maaaring magsiklab, mga gas o materyal na sumasabog sa kinalalagyan ng aparato, ang mga bahagi nito, o mga pagpapahusay. Para sa mga sasakyang may air bag, tandaan na ang mga air bag ay pumipintog nang may malakas na puwersa. Huwag maglalagay ng mga bagay, kabilang ang ikinabit o nabubuhay na aparatong wireless sa lugar na nasa itaas ng air bag o sa air bag deployment area. Kung ang aparatong wireless sa loob ng sasakyan ay

hindi tamang ikinabit at pumintog ang air bag, maaaring magresulta sa malubhang pinsala.

Ang paggamit ng iyong aparato habang nagpapalipad ng aircraft ay ipinagbabawal. Patayin ang iyong aparato bago sumakay sa sasakyang panghimpapawid. Ang paggamit ng wireless teledevices sa isang aircraft ay maaaring mapanganib sa operasyon ng aircraft, makagagambala ng wireless telephone network at maaaring labag sa batas..

Mga kapaligirang maaaring sumabog

Patayin ang iyong aparato kapag nasa anumang lugar na may posibleng sumasabog na kapaligiran, at sundin ang lahat ng mga babala at tagubilin. Kabilang sa mga posibleng sumasabog na kapaligiran ang mga lugar kung saan normal kang aabisuhan na patayin ang makina ng iyong sasakyan. Ang mga pagkislap sa gayong mga lugar ay maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog na magrerresulta sa pinsala sa katawan o kaya'y kamatayan. Patayin ang aparato sa mga lugar ng kargahan gaya nang malapit sa mga bomba ng gas sa mga gasolinahan. Sundin ang mga pagtatakda sa paggamit ng kagamitan ng radyo sa mga istasyon ng gasolina, imbakan, at mga lugar ng pamamahagi; mga planta ng kemikal; o kung saan mayroong isinasagawang operasyon ng pagpapasabog. Mga lugar na may posibleng sumasabog na kapaligiran ay kadalasa'y, ngunit hindi palagi, ay malinaw na namarkahan. Kabilang dito ang mga ilalim ng kubyerta ng bapor, paglilipat ng kemikal o mga pasilidad sa pag-iimbak

at ang mga lugar kung saan ang mga hangin ay naglalaman ng mga kemikal o mga maliit na piraso gaya ng butil, alikabok, o mga pulbos ng metal. Dapat mong alamin sa mga gumagawa ng mga sasakyan na gumagamit ng LPG (gaya ng propane o butane) upang alamin kung ang aparatong ito ay ligtas na magagamit sa kanilang paligid.

Mga tawag na pang-emergency



Mahalaga: Ang aparatong ito ay nagpapatakbo gamit ang mga signal ng radyo, mga wireless network, mga landline network, at mga nagpapaandar ng programang-ginagamit. Kung ang iyong aparato ay sumusuporta sa mga boses na tawag sa internet (tawag sa internet), isaaktibo ang parehong mga tawag sa internet at ang cellular phone. Ang aparato ay magtatangka na gawing mga tawag na pang-emergency sa parehong mga network ng cellular at sa pamamagitan ng iyong internet call provider kung parehong aktibo. Ang mga koneksyon sa lahat ng mga kondisyon ay hindi matutupad. Hindi ka dapat umasa lamang sa anumang wireless na aparato para sa pinakamahalagang mga pag-uusap tulad ng mga emergency na pang-medikal.

Upang gumawa ng tawag na emergency:

1. Kung ang aparato ay sarado, buksan ito. Suriin para sa sapat na lakas ng signal. Dumidipende sa iyong

aparato, maaari mo rin kailanganin na makumpleto ang sumusunod:

- Ipasok ang SIM card kung ang iyong aparato ay gumagamit nito.
 - Alisin ang tiyak na mga pagrerenda sa tawag mo na maaari maging aktibo sa iyong aparato.
 - Baguhin ang iyong profile mula sa offline o flight profile mode sa isang aktibong profile.
2. Pindutin ang pindutan ng pangwakas ng maraming beses bilang kinakailangan upang limasin ang display at handa na ang aparato para sa mga tawag.
 3. Ipasok ang opisyal na numero na pang-emergency para sa iyong kasalukuyang kinalalagyan. Ang mga numero ng pang-emergency ay iba't iba ng kinalalagyan.
 4. Pindutin ang pindutan ng tawag.

Kapag gumawa ng isang tawag na pang-emergency, binibigay lahat ang kinakailangan na impormasyon nang kasing-wasto hangga't maaari. Ang iyong aparatong wireless ay tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng isang aksidente. Huwag tapusin ang tawag hanggang hindi pa nagbibigay ng permiso na gawin ito.

IMPORMASYON SA SERTIPIKASYON (SAR)

Ang aparatong mobile ay nakasalamuha ng mga gabay para sa ipakita ang radio waves

Ang iyong aparatong mobile ay isang transmitter at tagatanggap. Dinisenyo ito upang hindi lumagpas sa mga limitasyon para sa pagpapakita sa radio waves na inirerekuminda ng pandaigdigang mga gabay. Ang mga gabay na ito ay binuo ng malayang samahan ng makagagamit ICNIRP at kasama ang mga palugit pang-kaligtasan na dinisenyo upang masigurado ang proteksyon ng lahat ng mga tao, walang pansin ng edad at kalusugan.

Ang mga pinapakitang mga gabay para sa mga aparatong mobile na ipasok ang isang pangkat ng measurement na kilala bilang Specific Absorption Rate or SAR. Ang limitasyon ng SAR ay nasabi sa ICNIRP na mga gabay ay 2.0 watts/kilogram (W/kg) na katamtaman higit sa 10 grams ng tissue. Ang mga pagsusulit para sa SAR ay kumilos gamit ang mga posisyon sa pamantayan sa pagpapakatibo kasama ang mga aparatong naglilipat ng pinakamataas na napatunayang antas ng lakas sa lahat ng mga nasubukang mga frequency band. Ang aktwal na antas ng SAR ng isang aparatong pagpapandar ay maaari sa ibaba ng pinakamataas na halaga sapagkat ang aparato ay idinisenyo upang magamit lamang ang kinakailangang lakas upang maabot ang network. Ang mga halaga ay nagbabago depende sa isang numero ng mga kadahilanan tulad ng kung paano mo masasarado ang isang batay na

stasyon ng network. Ang pinakamataas na halagang SAR sa ilalim ng ICNIRP na mga gabay para magamit ang aparato sa tenga ay 0.48 W/kg .

Ginagamit ng aparato ang mga accessory at mga pagpapahusay ay maaari magresulta ng kakaibang mga halagang SAR. Ang mga halagang SAR ay maaari mag-iba depende sa pambansang pag-uulat at mga kinakailangang pagsubok at ang network band. Ang karagdagang impormasyong SAR ay maaari magbigay sa ilalim ng impormasyon na produkto sa www.nokia-asia.com.

LIMITADONG WARRANTY NG GUMAWA

Ang Limitadong Warranty na ito ay dagdag sa, at hindi naaapektuhan ang iyong mga ayon sa batas (statutory) na karapatan sa ilalim ng iyong mga naaangkop na pambansang batas na patungkol sa pagbebenta ng mga produkto sa mga parokyano.

Ang Nokia Corporation ("Nokia") ang siyang nagbibigay ng Limitadong Warranty na ito sa tao na siyang nakabili ng (mga) produktong Nokia na kabilang sa pakete sa pagbebenta ("Produkto").

Ginagarantisahan ng Nokia sa iyo na sa kabuuan ng panahon ng warranty ay ang Nokia o ang isang kumpanya sa pagkukumpuni na binigyang-kapangyarihan ng Nokia ay sa loob ng isang makatuwirang tagal ng panahon sa komersyo ay magbibigay-lunas sa mga depekto sa mga materyales, disenyo at pagkabuo nang walang singil sa

pamamagitan ng pagkumpuni o, kung sakaling kinakailangan ayon sa natatanging pagpapasya ng Nokia, ay papalitan ang Produkto alinsunod sa Limitadong Warranty na ito (maliban kung iba ang itinatakda ng batas). Ang Limitadong Warranty na ito ay may-bisa at maipapatupad lamang sa bansa kung saan mo binili ang Produkto alinsunod sa kundisyon na ito ay nilayong maibenta sa bansang iyon.

Tagal ng Panahon ng Warranty

Ang tagal ng panahon ng warranty ay nagsisimula sa oras ng orihinal na pagkabili ng Produkto ng unang taga-gamit. Ang Produkto ay maaaring binubuo ng maraming mga magkakaibang piyesa at ang mga magkakaibang piyesa ay maaaring saklaw ng mga magkakaibang mga tagal ng panahon ng warranty (na tutukuyin mula ngayon bilang "Tagal ng Panahon ng Warranty"). Ang mga magkakaibang Tagal ng Panahon ng Warranty ay ang:

- a) labing-dalawang (12) buwan para sa aparatong mobile at ang mga accessories (maging kung ang aparatong mobile ay kasama sa pakete ng pagkabenta ng aparatong mobile o ibinenta nang hiwalay) bukod sa mga mauubos na piyesa at accessories na nakalista sa (b) at (c) sa ibaba;
- b) anim (6) na buwan para sa mga sumusunod na mauubos na piyesa at accessories: mga baterya, charger, patungan sa mesa, headset, kable at takip; at

c) siyamnapung (90) araw para sa media kung saan ibinigay ang anumang software, hal. CD-rom, memory card.

Hangga't pinapayagan ng iyong mga pambansang batas, ang Tagal ng Panahon ng Warranty ay hindi mapapatagal o mapapanibago o di kaya'y maaapektuhan sa iba pang paraan sanhi ng sumunod na pagkabenta, pagkumpuni o pagpapalit ng Produkto. Subalit, ang (mga) piyesang kinumpuni ay mabibigyan ng warranty sa loob ng natitirang Tagal ng Panahon ng Warranty o sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagkakumpuni, alinman sa dalawa ang mas matagal.

Paano makakuha ng serbisyo na saklaw ng warranty.

Kung nais mong maghabol sa ilalim ng Limitadong Warranty, maaari mong matawagan ang sentro ng tawagan o call center ng Nokia (kung saan mayroon nito at pakitandaan na ipinapataw ang mga pambansang singil sa mga tawag) at/o kung kinakailangan, ibalik ang iyong Produkto o ang apektadong bahagi (kung hindi iyon ang siyang buong Produkto) sa isang sentro ng pangangalaga ng Nokia o sa isang itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia. Ang impormasyon ukol sa mga sentro ng pangangalaga ng Nokia, mga itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia at ang mga sentro ng tawagan o call centres ng Nokia ay matatagpuan sa mga lokal na web page ng Nokia kung mayroon.

Kailangan mong maibalik ang iyong Produkto o ang apektadong bahagi (kung hindi iyon ang siyang buong Produkto) sa isang sentro ng pangangalaga ng Nokia o sa isang itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia bago mapaso ang Panahon ng Warranty.

Kapag nagsasampa ng habol sa ilalim ng Limitadong Warranty ay kailangan mong maipakita: a) ang Produkto (o ang apektadong bahagi nito), b) ang madaling-mabasa at hindi-nababago na orihinal na patunay ng pagkabili, na malinaw na ipinapahiwatig ang pangalan at pahatirang-sulat ng tagapagbenta, ang petsa at lugar ng pagkabili, ang uri ng produkto at ang IMEI o iba pang serial number.

Ang Limitadong Warranty na ito ay sumasaklaw lamang sa orihinal na unang tagagamit ng Produkto at hindi maitatalaga o maisasalin sa sinumang sumunod na tagabili/tagagamit.

Ano ang hindi saklaw?

1. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga libreto ng gumagamit o anumang software, mga setting, nilalaman, data, o link mula sa panlabas na partido, maging kung ito man ay isinama/nai-download sa Produkto, maging kung ito ay naisali habang kinakabit, binubuo, pinapadala o sa anumang iba pang panahon sa hanay ng paghahatid o kung sa pamamagitan ng anumang iba pang mga paraan na iyong nakuha. Hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas, hindi ginagarantisahan ng Nokia na ang alinmang software ng

Nokia ay makakatustos sa iyong mga pangangailangan, gagana nang kasabay ang anumang mga hardware o software application na idinulot ng panlabas na partido, na ang pag-andar ng software ay hindi magagambala o hindi magkakaroon ng palya o na ang anumang mga depekto sa software ay maaaring malunasan o malulunasan.

2. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa a) normal na pagkalaspag at pagkasira (kabilang ang, nang walang paglilimita, ang pagkalaspag at pagkasira ng mga lenta ng kamera, baterya o display), b) mga gastusin sa paglalakbay, c) mga depekto na dulot ng bruskong panghahawak (kabilang ang, nang walang paglilimita, mga depekto na sanhi ng mga matutulis na bagay, ng pagkakabaluktot, pagkakapitpit o pagkabagsak, atbp.), d) mga depekto o pinsala na dulot ng maling paggamit ng Produkto, kabilang ang paggamit na salungat sa mga tagubilin na ibinigay ng Nokia (hal. ang mga itinakda sa gabany ng gumagamit ng Produkto) at/o e) iba pang mga gawain na hindi saklaw ng makatuwirang pagkontrol ng Nokia.

3. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga depekto o di-umano'y depekto na sanhi ng katotohanan na ang Produkto ay ginamit ng may, o kaugnay sa, isang produkto, mga accessories, software at/ o pagkumpuni na hindi binuo, idinulot o pinahintulutan ng Nokia o ginamit nang bukod sa nilalayong paggamit

nito. Ang mga depekto ay maaaring sanhi ng mga bayrus mula sa di-awtorisadong pagpasok mo o pagpasok ng panlabas na partido sa mga serbisyo, iba pang mga account, sistema ng computer o mga network. Ang di-awtorisadong panghihimasok na ito ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng hacking, paglinang ng password o sa pamamagitan ng iba't-iba pang mga paraan.

4. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga depekto sa sanhi ng katotohanan na ang baterya ay nai-short circuit o sa katotohanan na ang mga selyo ng kaha ng baterya o ang mga cells ay sira o nagpapakita ng patunay ng pagbubutingting o sa katotohanan na ang baterya ay maaaring ginamit sa ibang mga kagamitan bukod sa mga inilaang paggamitan nito.

5. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw kung ang Produkto ay binuksan, binago o kinumpuni ng sinuman bukod sa isang awtorisadong sentro sa pagkukumpuni, kung ito ay kinumpuni gamit ang mga di-awtorisadong piyesa o kapag ang serial number ng Produkto, ang mobile accessory date code o ang IMEI number ay inalis, binura, pinakialaman, binago o hindi mabasa sa anumang paraan at ito ay matutukoy ayon sa tanging pagpapasya ng Nokia.

6. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw kung ang Produkto ay naharap sa pagkabasa, sa pagkaalinsangan o sa labis na mga kundisyon ng init/

lamig o kapaligiran o sa mga mabilisang pagbabago ng ganoong mga kundisyon, sa kalawang, sa oxidation, sa pagkatapon ng pagkain o likido o mula sa impluwensya ng mga produktong kemikal.

Iba pang mahahalagang paunawa

Ang isang panlabas na partido at independenteng tagapagpaandar (operator) ang siyang nagbibigay ng SIM card at ang cellular at/o iba pang network o sistema kung saan umaandar ang Produkto. Sa gayon, walang tatanggapin na sagutin ang Nokia sa ilalim ng warranty na ito para sa pag-andar, kakayahang makakuha, pagkakasaklaw, mga serbisyo o laki ng sakop ng cellular o iba pang network o sistema. Bago pa makumpuni o mapalitan ang Produkto, kailangang mabuksan ng tagapagpaandar (operator) ang anumang SIM-lock o iba pang lock o kandado na maaaring naidagdag upang maikandado ang produkto sa isang mismong network o operator. Patungkol din dito, hindi tinatanggap ng Nokia ang anumang sagutin para sa anumang mga pagkaantala sa mga pagkukumpuni sa ilalim ng warranty o sa kawalan o kakulangang-kakayahan ng Nokia upang makumpleto ang mga pagkukumpuni sa ilalim ng warranty na dulot ng pagkaantala o kabiguan ng tagapagpaandar (operator) na mabuksan ang anumang SIM-lock o iba pang lock o kandado.

Pakitandaan na magsagawa ng mga backup na kopya o magpanatili ng mga nakasulat na tala ng lahat ng mga

mahahalagang laman at data na naka-imbak sa iyong Produkto, sapagkat ang laman at data ay maaaring mawala habang kinukumpuni o pinapalitan ang Produkto. Ang Nokia, sa isang paraan na alinsunod sa mga itinatakda ng bahagi na pinamagatang "Paglilimita ng Sagutin ng Nokia" sa ibaba, hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas, ay sa ilalim ng anumang mga sitwasyon ay hindi magkakaroon ng sagutin, maging tuwiran o di-tuwiran, para sa anumang mga pinsala o pagkawala o pagkalugi ng anumang uri na sanhi ng pagkawala ng, pinsala sa, pagkagunaw ng, nilalaman o data habang kinukumpuni o pinapalitan ang Produkto.

Ang lahat ng mga bahagi ng Produkto o ng iba pang mga kagamitan na pinalitan ng Nokia ay magiging ari-arian na ng Nokia. Kung ang ibinalik na Produkto ay natagpuang hindi saklaw ng mga tuntunin at kundisyon ng Limitadong Warranty, taglay ng Nokia at ang mga awtorisadong kumpanyang tagapagkumpuni nito na sumingil ng isang bayarin sa pangangasiwa. Kapag kinukumpuni o pinapalitan ang Produkto, ang Nokia ay maaaring gumamit ng mga produkto o piyesa na bago, katumbas ng bago, o muling pina-kundisyon.

Ang iyong Produkto ay maaaring magtaglay ng mga sangkap na angkop sa mismong bansa, tulad ng software. Kung ang Produkto ay muling inilabas mula sa orihinal na nakatakdang bansa nito papunta sa iba pang bansa, ang Produkto ay maaaring magtaglay ng ilang mga mismong

sangkap na hindi maituturing na isang depekto sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito.

Paglilimita ng Sagutin ng Nokia

Ang Limitadong Warranty na ito ay siyang iyong natatangi at eksklusibong lunas laban sa Nokia at sa natatangi at eksklusibong sagutin ng Nokia patungkol sa mga depekto sa iyong Produkto. Subalit, ang Limitadong Warranty na ito ay hindi dapat magwaksi o limitahan ang i) alinman sa iyong mga karapatan (statutory) ayon sa batas sa ilalim ng mga naaangkop na pambansang batas o ii) alinman sa iyong mga karapatan laban sa nagbenta ng Produkto.

Ang Limitadong Warranty na ito ay magpapalit sa lahat ng mga warranty at sagutin ng Nokia, maging binigkas, nakasulat, (hindi itinatakda) statutory, kontraktwal, sa pamamagitan ng kamalian o sa iba pang paraan, kabilang ang, nang walang paglilimita, at hangga't pinapayagan ng naaangkop na batas, ang anumang mga ipinapahiwatig na kundisyon, warranty o iba pang mga tuntunin patungkol sa kasiya-siyang kalidad o kaangkupan para sa layunin. Hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas ay hindi inaako ng Nokia ang anumang sagutin para sa pagkawala o pagkalugi o pinsala sa o pagkagunaw ng data, para sa anumang pagkalugi o tubo, kawalan ng silbi ng Produkto o pag-andar, kawalang-negosyo, kawalan ng mga kontrata, kawalan ng mga kita o kawalan ng mga inaasahang pag-impok, mga pag-taas sa gastusin o bayarin para sa anumang hindi-diretsahang pagkawala

o pagkalugi o pinsala, idiniulot na pagkawala o pagkalugi o pinsala o espesyal na pagkawala o pagkalugi o pinsala. Hanggang sa pinapayagan ng naaangkop na batas, ang sagutin ng Nokia ay malilimitahan hanggang sa halaga ng pagkabili ng Produkto. Ang mga paglilimita sa itaas ay hindi sasaklaw sa pagkamatay o anumang pagkasugat o pinsala sa tao na sanhi ng napatunayang kapabayaang ng Nokia.

Mga obligasyon ayon sa pagtatakda (statutory obligations)

Ang Limitadong Warranty na ito ay kailangang bigyang-kahulugan alinsunod sa anumang mga pagtatakda na nagpapahiwatig ng mga warranty o kundisyon sa Limitadong Warranty na ito na hindi maiwawaksi, marerendahan o mababago maliban sa isang limitadong sakop. Kung may ganoong mga pagtatakda, hangga't may kakayahan ang Nokia, ay ang sagutin nito sa ilalim ng mga pagtatakda na ito ay malilimitahan sa, ayon sa pagpapasya nito, patungkol sa mga kalakal: ang pagpapalit ng mga kalakal o ang pagbibigay ng mga katumbas na kalakal, ang pagkukumpuni ng mga kalakal, pagbabayad ng gastos para sa pagpapalit ng mga kalakal o pagkuha ng mga katumbas na kalakal, o ang pagbabayad ng gastos para sa pagpapakumpuni ng kalakal; at patungkol sa mga serbisyo: ang muling pagdudulot ng mga serbisyo o ang pagbabayad para sa gastos sa muling pagdudulot ng mga serbisyo.



Note: Ang iyong Produkto ay isang sopistikadong aparatong elektroniko. Mahigpit kang hinihimok ng Nokia na sanayin ang iyong sarili sa gabay sa gumagamit at ang mga tagubilin na idinulot kasama ang at para sa Produkto. Pakitandaan din na ang Produkto ay maaaring magtaglay ng mga high precision displays, mga lente ng kamera at iba pang mga ganoong piyesa, na maaaring magasgasan o mapinsala sa iba pang paraan kung hindi pinag-ingatan. Lahat ng impormasyon ukol sa warranty, mga katangian at ispesipikasyon ng produkto ay maaaring baguhin nang walang paunawa.

Nokia Corporation
Keilalahdentie 2-4
FIN-02150 Espoo
Finland

Indise

A

access code 13
ang instant
messaging 35

B

baterya
pag-charge 17
browser 59

C

code ng seguridad 13

D

display 42

E

e-mail 33

H

headset 18

I

IM 35

internet 59

K

keyguard 21

L

lock ng keypad 21

M

magsulat ng text 26
mapanghulang
pagpasok ng teksto 27
message centre
number 30
mga application 56
mga enhancement 47
mga key 19
mga laro 56
mga mensahe
mga setting 36
mga mensaheng
flash 34
mga mode ng text 26
mga piyesa 19
mga profile 41

mga setting 41
display 42
factory 49
mga mensahe 36
mga tono 41
oras 42
petsa 42
telepono 46
mga shortcut 42
mga tono 41
**Mga tunay na
enhancement** 63
mode ng numero 26

N

**nakanayang pagpasok
ng text** 27
Nokia Care 14

O

offline mode 22
operator menu 50
organiser 57

P

pagmemensahe
mga mensaheng
audio 35
**pagmemensahe sa
audio** 35
pagsasaayos 47
pagsasaayos 47
password 13
PIN 13

S

SIM card 16, 22
speed dialling 24

T

**taga-rekord ng
boses** 54
tala ng tawag 40
Tawag 24

W

web 59

Nokia Care Online

Ang pagsuporta ng Nokia Care sa web ay nagdudulot sa iyo ng karagdagang impormasyon ukol sa aming mga serbisyong online.



INTERACTIVE DEMONSTRATIONS (MGA MAPAG-UGNAY NA PAGPAPAHIWATIG)

Alamin kung paano itataguyod ang iyong telepono sa kauna-unahang pagkakataon, at tuklasin ang higit pa ukol sa mga tampok nito. Ang (Interactive Demonstration (Mga Mapag-ugnay na Pagpapakita)) ay nagbibigay sa iyo ng mga hakbang-hakbang na panuto sa paggamit ng iyong telepono.



GABAY NG GUMAGAMIT

Ang online na Gabay ng Gumagamit ay naglalaman ng detalyadong impormasyon sa iyong telepono. Tandaang tumingin nang regular para sa mga update.



MGA SOFTWARE

Sulitin ang iyong telepono gamit ang software para sa iyong telepono at PC. Kinokonekta ng Nokia PC Suite ang iyong telepono at PC upang maaari mong mapamahalaan ang iyong kalendaryo, mga kontak, musika at larawan, habang pinupunan ng iba pang mga aplikasyon ang paggamit nito.



MGA SETTING

Ang ilang mga pag-andar ng telepono, tulad ng multimedia messaging, mobile browsing at email*, ay maaaring mangailangan na maitakda mo muna ang mga setting bago mo magamit ang mga ito. Ipadala ang mga ito papunta sa iyong telepono nang walang binabayaran.

*Hindi magagamit sa lahat ng mga telepono.

Mangyaring bisitahin ang www.nokia.com.ph/support para sa mga detalye.

NOKIA

Care